
# BTO

## Bungkos ng mga Kwento ng Taktikal na Opensiba sa TK



*BATAYANG TAKTIKAL NA OPENSIBA ang orihinal na pakahulugan ng "BTO" sa BHB. Inilulunsad ito ng BHB upang nyutralisahin, tanggalan ng kapasidad na lumaban ang AFP-PNP-CAFGU at samsamin ang kanilang mga armas para maging malaking ambag sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan.*

# Nilalaman


Paunang Salita....4

Ambus....7

Reyd....11

Ambus-lakad sa ika-6 ng Marso....17

Tapos na ang Pananahimik!....24

Unang Pagsusulit....34

Ka Rima....40

Reyd....46

Raid sa Tumbaga Ranch....51

Ambus sa Bacong Ilaya....55

Reyd sa Monte Rock....60

Ang Mahalagang Lakad ni Ka Libwa....66

Tagumpay ng BTO!....72

Dagli....75

Ambus....79

Pasasalamat....87

# PAUNANG SALITA

**IKINALULUGOD NG PANREHIYONG KUMAND** sa Operasyon ng Bagong Hukbong Bayan - Timog Katagalugan ang paglalabas ng Pulang Bandila ng BTO: Bungkos ng mga Kwento ng mga Taktikal na Opensiba sa TK. Napapanahon ang paglalabas nito upang suhayan ang ating kampanyang pandayin ang mapandurog na kapabilidad ng BHB, pasiglahin ang paglulunsad ng matatagumpay na taktikal na opensiba at ikintal sa hanay ng mga Pulang mandirigma ang pinakamataas na kapasyaha't determinasyong tupdin ang tungkuling panlaban ng BHB bilang pangunahing pwersang panlaban ng rebolusyong Pilipino. Sa harap ng pinaigting, pinalawak, pinasinsin at sustenidong atake ng kaaway, nararapat na mahigpit na tanganan ng mga Pulang mandirigma at ng rebolusyonaryong masa na tanging sa pagpapalakas ng BHB at sa matatagumpay na taktikal na opensiba kaakibat ng pagsusulong ng iba pang tipo ng pampulitikang pakikibaka makakapagpunyaging makapagpalaki't makapagpalakas ang rebolusyong Pilipino. Ang mga kwento ng mga taktikal na opensiba sa TK ay dapat gamitin ng mga grupo o seksyon sa pulitika ng mga yunit ng BHB sa pagpapasigla ng gawaing propaganda-kultura sa loob ng Hukbo at sa baseng masa.

Maraming aral na matututunan mula sa koleksyong ito ng mga reportahe at akdang pampanitikan na halaw mula sa mga aktwal na TO. Matutunghayan dito ang kagitingan at kapangahasan ng BHB at ang superyoridad ng taktikang gerilya upang paisa-isang gapiin ang mahihinang bahagi ng kaaway na di-hamak na superyor sa bilang at armas. Muli ring patutunayan ang kabayanihan at susing papel ng masa sa buong proseso ng paglulunsad ng mga TO. Dahil malalim ang pagkamuhi sa mga pasista, lagi't laging

ipinagbubunyi ng masa ang matatagumpay na bigwas ng rebolusyon laban sa kaaway.

Mahalaga ring pansinin sa mga kwento't ulat kung paano nagiging tigreng papel ang kaaway sa harap ng BHB at baseng masa na determinadong maglunsad ng opensiba. Ang mababangis na militar ay pumapalahaw at nagsisipanakbuhan palayo kapag nagulantang ng ambus ng BHB. Ang mga berdugo ay mabilis lamang na napapasuko kahit wala pang putok kapag pasorpresang nasukol sa mga reyd ng BHB. Ang mga mala-halimaw na helikopter ay tumatalilis kapag tinatamaan ng mga putok ng BHB. Ang mga sagadsarin at may mga utang na dugo sa rebolusyon at mamamayan ay hindi magawang maitago ang sarili sa harap ng malawak at malalim na baseng masang sumisigaw ng rebolusyonaryong hustisya.

Higit sa lahat, ipinapakita ng mga akda sa BTO ang katumpakan ng armadong paglaban, ng digmang bayan sa harap ng pambubusabos ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo sa sambayanang Pilipino. Ang BHB ay isang rebolusyonaryong hukbo na may matibay na pampulitikang batayan ng paglaban. Ang mga TO ng BHB ay manipestasyon ng makauring galit ng masang anakpawis at lahat ng pinagsasamantalahang mamamayan sa bulok na estado at sa mersenaryong sandatahang pwersa nito. Makatarungan ang rebolusyonaryong dahas na ginagamit ng BHB laban sa pasistang militar, abusadong *goons* ng mga panginoong maylupa't malalaking burgesya kumprador ganundin sa mga proyektong pumipinsala sa buhay, lupa, kabuhayan at kapaligiran ng masa.

Dapat sariwain at isapuso ang mga prinsipyong ito sa gitna ng hinaharap natin ngayong matinding pang-aatake at pangwawasak ng kaaway at ang pag-igpaw at pagpapangibabaw natin sa ating mga sariling kamalian at bagahe ng konserbatismo, pasibidad, gerilyaismo, milisyaismo, at mga gawi ng rebeldeng lagalag. Habang

nagwawasto at nagpupunyagi, balikan at pag-aralan natin ang mga kongkretong karanasan ng tagumpay. Hamunin natin ang ating sarili na igpawan ang kasalukuyang mga limitasyon at kahirapan sa hamon at inspirasyon ng magigiting nating Pulang kumander at mandirigmang naging pangunahing tauhan at bida sa mga kwentong nilalaman ng koleksyong ito.

Ang paglalabas ng librong BTO ay isang bahagi lamang ng kabuuang pagsisikap upang pandayin ang isang di-magagaping Hukbo. Tinatanaw nating susundan ito ng iba pang mga proyekto sa larangang kultura at propaganda, edukasyon hanggang sa mga gawaing militar. Payabungin natin ang ganitong mga pagsisikap bilang puspusang pagtupad sa tungkulin ng BHB na paglingkuran ang sambayanang Pilipino!

# Ambus

## DAGITAB 1997

**EKSAKTO 12:00 NG MADALING** araw, kailangang gumising kami at maghanda sa ilulunsad na taktikal na opensiba.

"Magtipon!" komand ng CO, paikot ang naging pwesto ng buong tropa upang marinig ng lahat ang mga huling detalye sa ilulunsad na TO.

Philippine Army ang target namin. Bawal ang *flashlight*. Maging maingat sa pagpasok sa ambus sayt. Dapat ipasa sa kasunod ang anumang naoobserbahan sa paglalakad, bawal ang maingay at iba pang detalye.

Habang naglalakad ay ipinapasa sa akin ng sinusundan—bahay sa kanan, pasa tahimik, malalim sa kaliwa, batang sa unahan. Yuko! Tuod! Ingat!

Madilim ang buong paligid at halos inaaninag ko na lamang ang anino ng sinusundang kasama. Pawang yabag, pasa at batok ng aso ang naririnig, napapa-*highcrawl* ako dahil baka may makakitang masa.

Biglang narinig ko ang komand mula sa lider ng iskwad. "Pasa bilis, aabutin tayo ng umaga!"

Nagmamadali kami kahit di maaninag ang aming dinadaanan nang ako'y natisod! Palusong ang daan noon nang bigla akong natalapid sa malaking kahoy. Nasugatan ako sa may lulod, masakit, mahapdi, nakaririndi!

Kaba ng dibdib ang nararamdaman lalo't ito ang aking unang paglahok sa taktikal na opensiba. Mula sa kawalan ay naalaala ko ang aking mga mahal sa buhay. Bulong sa sarili, bakit ba ako narito? Para saan ba ang aking ginagawa?

Mula dito ay pumasok sa gunita ang huling talakayang: ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo ang tatlong pangunahing salot sa lipunan. Na silang dahilan kung bakit naghihirap ang milyun-milyong mamamayan. Na ngayo'y puno ako ng determinasyong ilaan ang aking talino, lakas at kakayahan para sa pagpapalaya ng Inang Bayan.

Winika ko sa aking sarili, bahagi na ito ng sakripisyo sa paglahok sa matagalang digmang bayan.

Maya-maya ay narinig ko ang anasang[1], "Ito na ang ambus sayt!"

"Charlie pwesto sa unahan, Bravo sa gitna, Alpha sa hulihan!"

Madilim na madilim pa, maraming punong hagunoy—makati't matinik. Unti-unti ko itong hinawi, naalaala ang tagubiling bawal ang pagbali ng siit, sanga o kahoy dahil sa lilikha ito ng ingay sa sayt. Kinapa ko ang lupang tinutuntungan—di ito pantay at baku-bako. Inilatag ang kaprasong plastik upang kahit paano ay maiunat ang pagal na katawang galing sa mahabang lakad.

Maliwanag na pala! Gutom na ako, binuksan ko ang plastik na kinalalagyan ng rasyong pagkain. Sumubo ako, habang pasenyas na inaalok ang aking ka-*buddy*. Habang nag-aabang sa palalong kaaway ay kailangan labanan ang pagod, antok at inip sa ambus sayt.


"Pasa handa!" hiyaw ng CO nang nariyan na ang kaaway..

Determinadong hinawakan ko ang aking sandata. Inihanda ang aking sarili sa anumang mangyayari. Ilang saglit lamang ay narinig ko ang unang putok, at isang kisapmata ay kitang-kita ko na sa harapan ang *owner* ng palalong kaaway, nagpaputok kami habang gumaganti ng putok ang kaaway.

Usal sa sarili: *Mga hayup kayo! Kayo ang tagapagtanggol ng naghaharing uri! Mga pasista't mapang-api!*

Ilang segundo lamang ay humiyaw ang CO, "Ulat!"

Sagot ng Charlie, "Lampas ang *owner* ng kaaway!"



"Bilis-kilos!" kumand ng CO.

Dali-daling kaming sumunod sa atas habang sa di malamang direksyon ay naririnig ko ang ganting putok ng kaaway. Yumuko kami upang makaiwas sa putok.

Habang lumalabas sa *firing line* ang *main body* ay gumanti kami ng putok upang payungan ng putok ang kumakalas na mga kasama.

Pasa bilis! Parang may pakpak ang paa ng buong tropa sa paglabas sa ambus sayt, pagod na pagod, humihingal, at may tensyon pa ako. Biglang naalaala kong nakalabas nga pala sa ambus sayt ang *owner* ng kaaway. Lalo akong nanlata at nakaramdam ng matinding pagod.

*Bigo yata?* ang tanong ko sa aking sarili.

Maya-maya ay biglang ngumiti ang mga kasama mula sa ulat na tatlong opisyal ng Philippine Army ang malubhang sugatan.

Namutawi sa sarili ang ngiti at nawikang, "Sa wakas! Naparusahan namin ang mga palalong kaaway!"

Sa paglalakad pabalik mula sa ambus sayt, kita kong masaya ang pagsalubong ng masa, pagbati, pangangamusta't pag-alaala ang kanilang hatid sa amin. Ito na nga ang masang aming minamahal, kumakandili sa amin at patuloy naming pinaglilingkuran.

*2 Hunyo 1997*
*Inabuhan, San Francisco, Quezon*

---

*1 anasang - bulong o mahina at mababang tinig*


# Reyd

NI KA MAYAN, DAGITAB 2003

**LUMABAS NA NG KAMPUHAN** ang mga dumalo sa katatapos pa lamang na isang linggong kulturang pagsasanay. Ang yunit sa taguyod at aming yunit na lamang ang walang iskedyul ng muling pagga-gawaing masa.

Itinakda ang aming tim para sumanib sa panlabang yunit gerilya. Masakit pa rin ang aming katawan mula sa dalawang araw naming paglalakad.

"Kailangan nating ihanda ang ating resistensya para sa ating aktibidad sa hinaharap," sambit ng kasamang nangunguna sa ehersisyo na taykwando at riple.



"Pinakamahusay lang ibukas natin kung meron tayong mga problemang makakaapekto o makakasagabal sa mahusay nating paggampan sa mga partikular na gawain," dagdag pa ng nangunguna sa ehersisyo.

"Bahagi ito ng pagtugon natin sa *memo* hinggil sa mahigpit at kagyat nating tungkulin batay sa pinakahuling sitwasyong militar sa ating rehiyon. Tayo na mga kasama ang bubuo sa TC[1]." sabi ng Camp CO[2] sa unang araw ng pulong.

Noon ko nalaman na isa palang taktikal na opensiba ang ilulunsad at isa ako sa tatayong pamatnugutan ng buong operasyon. Hindi bago sa akin ang magtiyak ng tim sa gawaing masa, ngunit ang ganitong responsibilidad ay bago para sa akin. Itinuturing ko itong isang napakalaking hamon, ang makasama sa isang operasyong militar.

Lumipas ang mga araw nang hindi ko namamalayan. Ito na ang yugto na ibababa sa mga kasama ang ilulunsad na operasyon. Pansin kaya ng mga kasama na ako ay nilalamig at madalas umihi? Handa naman ako pero bakit kaya ako kinakabahan at nakakaramdam ng ganito? Lalo na nang sabihing reyd ang tipo ng TO at sa sentrong bayan ilulunsad. Karaniwan ay reyd at ambus sa mga kaaway na ang detatsment ay nasa mga liblib na baryo.

*Mahirap yata ito,* bulong ko sa aking sarili. Ngunit kita ko sa mata ng mga kasama ang kahandaan at determinasyong parusahan ang mga pasistang kaaway at dito unti-unting naglalaho ang aking pag-aalangan.

"Dahil lalang ang paraan nito'y kailangang kalmado o relaks lamang ang ating kilos at sikaping nakangiti habang lumalapit sa target," paalala ng CO namin.

Malamang na lahat kami'y nag-iisip kung paano ngumiti sa harap ng kaaway. Sumagi tuloy sa isip ko ang turo sa amin sa pagsasanay sa kultura hinggil sa pag-aaral sa emosyon sa magkakaibang eksena o lugar, ang pag-iinternalisa sa karakter. Parang 'yong *level 2* na nasa treyning kultura.

Sa sumunod na mga araw sa salitan ng *exercise*, pamilyarisasyon sa lugar, masusing pagkilala sa kaaway at dryrun, unti-unti nang nawawala ang aking kaba hanggang sa inaasam ko nang dumating ang takdang araw ng pagharap sa kaaway. Ngunit minsan di maiiwasang sumagi sa isipan ko ang mga posibilidad na pwedeng mangyari sa akin at sa mga kasama. Konting pagkakamali ay maaring humantong sa kapahamakan. Walang oras na di inaalala ang mahihigpit na oryentasyon para sa ipagtatagumpay ng TO.

Ika-dalawampu't apat ng Setyembre at bukas na ang araw ng pagganap sa entablado ng labanan, ang pagharap sa mga berdugo. Abala na ang lahat, may mga kasamang nag-aayos na ng kani-kanilang dalahin at ang iba naman ay di magkandaugaga sa pagsuot ng gagamitin nilang kostyum. May sobrang laki, hindi magkakatuwang at halos kupas na ang kulay ng mga damit ng kaaway na ginawan na lamang ng paraan ng mga aktor para di mahalata ng kaaway.

Kami naman sa komite sa kultura ay abala din para sa gaganaping kapihan mamayang gabi bilang huling bahagi ng paghahanda upang ikonsolida ang tropa.

Ika-dalawampu't pito ng umaga ay lalabas ang mga nasa pamatnugutan at tatayong *blocking force* para magpamilyarisa at kumpletuhin na rin ang iba pang mga gamit na kakailanganin sa operasyon: sasakyan, dagdag na kasuotan at iba pa. Palalakarin na rin ang isang kasama at aktibistang masa para sa huling kumpirmasyon sa target.

Nang makabalik ang mga nagsiyasat, "Magbihis na kayo ng uniporme, kumpirmado na ang target at parating na ang sasakyan. Tayo na!" kumand ng CO.

Kinakabahan ang lahat. Mahigpit ang kapit sa sandata.

"Ang Bagong Hukbong Bayan, sandata ng sambayanan." malakas ang kantahan sa loob ng sasakyan kasabay ang walang patid na malalalim na hithit-buga sa sigarilyo, pamamaraan upang mabawasan ang nerbyos ng mga operatiba.

Habang umaandar ang sasakyan, pinag-aaralan ng mga kasama kung paano gamitin ang mga kandado ng pinto nito para mabuksan. Ngayon lang kami nakasakay sa isang *van* na de-erkon pa. Palibhasa'y karaniwang *jeep* at *tricycle* lamang ang nasasakyan sa pag-uwi't saka sa bayan at linang. Iba talaga ang lumaki sa kanayunan.

"Malapit na tayo sa target!" paalala ng mga kasama habang lumiliko ang sasakyan pakanan.

Ilang segundo pa'y, "Baba na!", kumand ng CO.

Halos sabay kaming bumaba sa sasakyan ng kabadi ko, habang papalapit sa punong himpilan ng kaaway, dito na nagsimula ang malalakas na kabog sa aking dibdib.

Habang ang isang kasamang nagpapanggap na abugado ay nagtatanong ng, "Asan si hepe?" ay organisado at kalmado namang dumidikit ang ibang kasama sa harapan ng *PNP station.*

"Sino kayo?" sagot ng *deputy* sabay harang sa pinto para pigilin ang pagpasok ng mga kasamang nagpapanggap.

"Hindi kayo pwedeng pumasok, hindi ko kayo kilala", sigaw ng hepeng nasa *information table* sa likod ng *deputy* at iba pang pulis na humarang sa pinto. "Kung gusto ninyong pumasok ay isa lang", anang *deputy.*

"Hindi pwede, mga NPA kami!" kalmado subalit mariing tugon ng CO.

Habang lumalapit at pumupwesto ang iba pang mga kasama'y nagsalimbayan na ang palitan ng mga walang puknat na putok ng mga kasama at pulis. Walang pakundangang nagpaputok ng de sabog ang hepe gayong nasa harapan niya mismo ang kanyang *deputy* at ilan pang niyang kasamahang pulis. Buong katapangang hinatak ng isang kasama ang *deputy* upang maiiwas sa tiyak na kamatayan sa kamay mismo ng kanilang hepe.

Kagyat kaming dumikit sa sementadong dingding ng istasyon upang gawin itong kublihan. Napawi na ang dating kabang kanina lang ay nararamdaman, pumalit ay tapang sa pakikipagpalitan ng putok.

"Sumuko na kayo!" sigaw ng CO sa mga pulis.

"Sibilyan po!" anang mga nanlilinlang na pulis habang sila nama'y patuloy pa rin sa pamumutok.

"Lumabas kayo diyan!" sigaw ng isang kasama, ngunit tuloy pa rin sa paglaban ang mga pulis.

Natapos ang pagganti ng putok ng mga kaaway, nang magkumand muli ang CO "Hagisan ng granada ang mga nanlalabang pulis."

Matapos mapawi ang usok mula sa pagsabog ng granada, kagyat na sinundan ito ng atas na "Asolt!"

Kaagad na tumalima ang mga kasamang nakatokang pumasok sa istasyon at maliliksing kumilos upang rekisahin ang mga silid nito at i-*cleaning* ang mga gamit militar at mahahalagang dokumento ng kaaway. Mababakas sa mukha ng bawat kasama ang kasiyahan habang nililisan ang pinaglunsaran ng taktikal na opensiba.




Matagumpay na nailunsad ang reyd sa istasyon ng pulis sa Lopez, Quezon. Nasamsam ang mga armas at naparusahan ang palalong hepe.

Sabay-sabay na sumigaw ang mga kasama ng "Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan! Mabuhay!"

------

*1 TC - tactical command*

*2 CO - commanding officer*

# Ambus-lakad sa ika-6 ng Marso

SIBAT 2010

*Narito kami-*
*Nagmamasid, nakikiramdam*
*Dinig namin ang mga yabag*
*Bawat kaluskos, maging paglapat*
*Ng nalalaglag na dahon sa lupang*
*Kasanib ng aming katawan!*

**HUMAHANGOS NA PAPALAPIT SA** mga Kasama si Olek—isa sa mga susing masa na inaasahan ng mga Kasama hinggil sa ulat ng kaaway, sa paghahakot at pagbili ng mga suplay.

"Mga Kasama, ang mga kaaway dumaan sa aming sityuhan. Pauwi sila ng bayan." Banaag sa mukha ni Olek ang kagustuhan na maparusahan ang mga kaaway.

Halos isang linggo na ang mga Kasama sa ikatlong pakatan subalit walang dumaan na kaaway. Kagyat na nagpulong ang kumand para pag-usapan ang iniulat ni Olek. Isang desisyon ang nabuo. Balikan ang Pakat Dos—sa tabi ng lumang kalsada. Malaki ang posibilidad na yun ang gagamitin na ruta pabalik.

Tirik na ang haring araw nang umusad sa target na babalikan—ang Pakat Dos. Lalong tumagaktak ang pawis sa bigat at init ng kamuplaheng dahon. Binagtas ng mga Kasama ang mga dalisdisan na daan, ang ahon-lusong na tereyn. Matalas ang pakiramdam. Tiyak ang bawat bagsak ng mga paa. Kailangang maging bulag, bingi ang kaaway.

Hapon na maalinsangan nang dumating sa pakatan. Abala ang lahat sa pagsasaayos ng pupuwestuhan. Abala sa ihahandang pagkain hanggang kinabukasan. May kadalian nang ayusin ang lugar dahil halos buo pa ang mga dati nang ginawang paksol.

Gabi. Napakalamig ng gabi gaya ng dati nang unang pumakat ang mga Kasama. Hindi pa nagpapaalam ang hanging amihan. Inilatag ng mga Kasama ang sako at plastik sa lupa na magsisilbing higaan.

Maagang nakatulog ang mga Kasama sa tindi ng pagod sa paglalakad at pag-aayos ng pakatan. Ang iba ay hindi na nakakain ng hapunan. Payapang lumipas ang gabing yaon.

Alas kwatro ng madaling araw. Isang mahinang boses ang maingat na nanggigising sa mga Kasama.

"Mga Kasama gising na kayo!" si Ka Philip, ang Pulang kumander ng platun ng NPA.

Marahang bumangon ang mga kasama sa atas ni Ka Phillip at agad na tinungo ang mga paksol. Sa di kalayuan sa tapat na bundok na pinapakatan ng mga Kasama, dinig ang ingay na tila nag-aabog ng nakawalang hayop. Samantala, sa pwesto ng Kaloy, makaraan ang mahigit na tatlumpung minutong pagsubaybay sa mga ilaw habang nakaupo sa paksol, naramdaman ang mga yabag na paparating mula sa kabilang direksyon. Mabigat ang bawat hakbang. Malinaw ang bagsak ng kanilang mga paa kasabay ang habol hininga. Walang gamit na pangtanglaw.



Bagamat madilim pa, sapat na ang hugis suklay na buwan para makilala ang mga "panauhin." Sa loob-loob ng mga Kasama, "Tama ang naging pagbasa ng kumand. Sila na ang matagal nang hinihintay."

Inihatid ng mga mata ang naturang mga "panauhin." Maingat na pinagmamasdan ang bawat galaw. Pinipigil ang paghinga. Humigpit ang hawak sa mga gatilyo. Matinding kaba ang sumasasal sa dibdib.

Nag-uunahan sa isip ni Ka Bong ang mga pangamba. *"Nakikita rin kaya ito ng mga Kasama sa ibang pormasyon? Ang mga ilaw? Kaaway rin kaya? Dito ba sila magtatagpo? Hah! Napakaganda? Paano kung sa masa ang paparating na mga ilaw?"* Kinapa-kapa ang radyo sa kanyang bulsa. Nagdalawang-isip. Tiyak na maririnig ng kaaway ang tunog. *"Paano na?"*

Ang unang pormasyon ng kaaway ay patungo sa maliit na salulo ng tubig sa tapat ng pormasyon ng primera ng Baking. Tumigil. Umupo sa gilid ng daan sa tapat ng segunda ng Baking at Kaloy ang dalawa pang iskwad. Kampante.

Nagliliwanag ang mga plaslayt ng tatlong masa. Lahat ay nakatutok sa daan. May hinahanap. Walang kamuwang-muwang na masasalubong nila ang kinatatakutan nilang nilalang.

Isang mariing sitsit na nagmumula sa salulo ang narinig. "Pssst! Psssssst!" Sinambot ng amihan ang sitsit ng mga anino. Nagulat ang mga masa nang bakas ng *combat shoes* na ang kanilang natatanglawan imbis na bakas ng nawawalang kalabaw. Muling iginala ang ilaw. Kumintab ang sapatos. Unti-unti nilang itinaas ang kanilang hawak na plaslayt upang maaninag kung sino ang kanilang kaharap. Kumbat. Patig. Pawts. Armalayt. Kaaway!

"Kanina pa namin kayo tinatawag. Bakit hindi kayo lumalapit?" tanong ng opisyal ng sundalo.

Matagal bago nakasagot. Nabigla sa kaharap. "Eh! Sir! Wala po kaming narinig. Abala kami sa paghahanap ng bakas ng aming nawawalang kalabaw."

"Ano ang mga pangalan ninyo? Taga-saan kayo?" muling tanong ng sundalong opisyal, mas malakas at madiin. Hindi makasagot ang masa. Halos di maubos maisip kung bakit sa kalsada dumaan ang mga sundalo. Hindi niya ito inasahan. Ilang linggo na ang pang-iisnayp ng mga Kasama sa mga nag-ooperasyong sundalo sa lugar na ito. Alam din nyang nakatambang ang mga Kasama.

"Bakit hindi nagsasalita 'yang dalawa mong kasama?" inis na tanong muli ng opisyal. "Balita namin may kalaban kami diyan sa taas," pahabol na tanong ng opisyal.

"Wala po kaming alam." Sumagot siya sa pinakakalmadong paraang kaya niya. Naalala niya ang mga kasama.

"Syut kayo sa timba," bulong sa sarili ni Tatay Eling.

"May sinasabi ka ba?" hirit ng sundalo. "Wala ho," sabat ni Tatay Eling.

Dinig ni Ka Vina, PI ng Platun, ang usapan. Hindi malinaw. Mas malakas ang hampas ng hangin sa mga bungarngar.

Mga dalawang metro ang layo niya sa kalsada. Pinakinggan niyang mabuti. Kilala niya ang boses. Si Tatay Eling ang nagtataglay ng boses na iyon at hindi siya maaring magkamali.

Sinubukan niyang tawagin ang masa para mag-alam ng balita. "Tatay! Tatay Eling!" Hindi siya naririnig. Ibinabalik ng hangin ang kanyang mahinang tinig sa kanyang bibig.

Biglang lumapit ang isang kasama sa kanya. Sumenyas itong huwag lumikha ng ingay. Iminwestra ang magkabilang hintuturo sa kanyang noo. Nag-anyong sungay. Lalong lumakas ang kabog sa dibdib. Kaaway. Pero kay Tatay Eling ang boses na 'yon! Tumingin nang may agam-agam. Waring naintindihan na ng kausap ang bumabagabag sa kanya. Lumapit ang Kasamang nagpaabot. Bumulong. "Hinihintay lang makalampas sina Eling."

"Pakawalan na ang mga 'yan. Baka abutan pa tayo ng liwanag sa daan," paalala ng mas nakatataas na opisyal, ang CO ng platun ng Army, si Tinyente Cornejo.

"Sige umalis na kayo!" utos ng opisyal. Wala pang sampung segundong nakakalayo sina Tatay Eling mula sa huling pulutong ng kaaway, pumutok na ang hudyat ng opensiba.

Pak! Brrraat! Kasunod ang bugso ng mga putok! Pak! Pak! Pak! Kablum!

Nagsalimbayan ang putok ng mga *armalite*, M14 at masinggan. Halos makabingi ang tatlumpong segundo ng walang patid na mga putok na mula sa unahan, kaliwa at likuran ng kaaway. Nagliwanag ang animnapung metrong kahabaan ng sumikong kalsadang inukit sa bundok. Tumigil ang putok. Lagatikan ng kasa ng baril. Muling bumugso. Pailan-ilang putok. Katahimikan. Nagliliwanag na. May mga umuungol na sa kalsada!

"Sumuko na kayo!" malakas na sigaw ni Ka Gina—IL ng Baking. "Hindi namin kayo papatayin! Gagamutin namin kayo!" pangungumbinsi ni Ka Bong—IL ng Kaloy. "Ihagis ninyo ang inyong mga sandata!" utos ni Ka Gabby—IL ng Abe.




"Sir! Sumuko na tayo! Mamamatay tayo kapag hindi tayo sumuko. Di na namin kaya!" samo ng isang sundalo sa kanyang opisyal. Patung-patong na katawan ng patay at sugatan ang tanging pinagkukublihan ngayon ng mga kaaway. "Suko na po kami! Tama na po!" Sa mga Kasama na pinaparinig ang kanyang pagsusumamo.

"Walang susuko! Allan, alooon! Allan, alooon!" kumand ni Tinyente Cornejo.

Pilit na pina-aasolt ang kanyang mga tauhan. Paisa-isa ang pamumutok. Wala nang gumalaw. Sa unang bugso ng putukan marami na ang namatay at nasugatan sa mga kaaway. Nagtakbuhan na ang ilan. Ang ilan pang natitira at walang sugat ay naghubad na ng uniporme.

"Sa tapat namin may sumuko na! Ingatang di matamaan!" ulat ni Ka Vina. Bumaling sa direksyon ng tinig na pinanggalingan ng nagkukumand na opisyal ng mga sundalo.

"Maawa ka sa mga tauhan mo! Sumuko ka na!" tuluy-tuloy na pangungumbinsi sa opisyal.

"Huwag papuputukan ang mga sumuko! Isnayp-isnayp lang!" paalala ni Ka Philip. Umasolt na ang Abe. Nakaplangka na sila ngayon sa kalsada. Pakbag at pamumutok ang koberan. Nakakuha na ng

maraming sandata ang mga Kasama. Nakapag-parsyal klining na. Baril na mismo ng kaaway ang pinapuputok ng mga Kasama. Panaka-naka pa rin ang ganting putok ng mga kaaway.

Maya-maya pa'y nagsalimbayan na rin ang putok mula sa mga kalapit na sityo! Napapalaban na rin ang dalawa pang tim ng Pulang mandirigma. Syut sa bitag ang mga pasista. Lalong nabuhayan ng loob ang mga Kasama.

Muling pinaputukan ng mga Kasama ang natitirang kaaway. **PAK! PAK! PAK! BRRAATTATTT!**

"Abe! Sugod! Baking, bugsuan ng putok! Kaloy, plangka sa kanan!" boses ng Pulang kumander sa mga mandirigma.

"Ser! Sumuko na tayo! Tama na, ser! Susuko na kami!" Wala nang tinyenteng sumagot.

"Patay na ang opisyal nyo! Hindi na makakarating ang inaasahan nyong reimpors! Napaatras na sila! Sumuko na kayo! Hindi namin kayo papatayin! Ihagis ninyo ang inyong mga sandata!"

Isa-isang inihagis ng mga natitirang kaaway ang kanilang sandata sabay taas ng mga kamay. Kitang-kita ng mga Kasama kung paano naging maamong tupa ang kaninang halimaw na hitsura. Inayos ng mga kasama ang mga patay na sundalo. Ihinilera sa kalsada. Ginamot ang mga sugatan. Kinausap. Pinaliwanagan. Hinimok na umalis na sa pagkasundalo.

Iniwan ng mga Kasama ang kalsada dala ang mga sandata at kagamitang nasamsam. Tinangay ng amihan ang alikabok at amoy ng pulburang nilikha ng mahigit tatlong oras na labanan. Singkad na ang haring araw. Nagpupugay sa tagumpay ng Pulang hukbo.

# Tapos na ang Pananahimik!

## PANAYAM SA MGA KADRE AT KUMANDER NG BHB NA NAMUNO SA MATAGUMPAY NA TO SA PALUAN, OCCIDENTAL MINDORO NOONG 2014

DAGITAB 2018

**Sunud-sunod na aksyong militar sa isla ng Mindoro, matagumpay!**

Dalawampu't isang (21) matataas na kalibre ng baril at iba pang mga kagamitang militar ang nakumpiska ng mga Pulang gerilya sa ilalim ng Lucio de Guzman Command-Bagong Hukbong Bayan Mindoro sa reyd na isinagawa sa munisipyo ng Paluan, Occidental Mindoro noong Nobyembre 7, 2014. Nasamsam ng mga Pulang mandirigma ang pitong (7) M14, labing-tatlong (13) M16, isang 12-gauge shotgun, dalawang pistol, mga bala at iba pang gamit-militar.

Napatay ang pitong sundalo at nasugatan ang apat na kabilang sa abusadong 76th Infantry Battalion (IB), PNP-Public

Safety Battalion at PNP-408th Public Safety Maneuver Forces sa labanang tumagal lamang ng 20 minuto. Samantala, dinala ng mga Pulang mandirigma sa pag-atras ang mayor ng Paluan na si Carl Michael Pangilinan at ang kanyang municipal administrator upang babalaan sa pang-aabuso sa maralitang mamamayan ng Paluan, pagsangkot at pagkandili sa mga iligal na pagtotroso, iligal na droga at iba't ibang sindikatong nag-oopereyt sa kanyang bayan sa Occidental Mindoro. Si Pangilinan ay isang sindikadistang pinoprotektahan ng mga pasista at reaksyunaryong militar mula sa 76th IB at 408th PNP.

Ang matagumpay na TO ay tanda ng mahigpit na pagkakaisa ng masa at hukbong bayan. Nagbunyi ang mamamayan ng Paluan at mga karatig-lugar sa pagpaparusa ng LdGC–BHB Mindoro sa palalo, mabangis at kawatang 76th IB at abusadong PNP.

*- Balitang TO, Kalatas*
*Oktubre-Disyembre 2014*

**DAGITAB:** Ano ang kalagayan sa rehiyon at sa isla ng Mindoro bago ang pagputok ng taktikal na opensiba sa Paluan, Occidental Mindoro noong 2014?

Ka Chito: Halos limang taon ang pananahimik ng *region* sa mga anihilatibong TO, partikular dito sa Mindoro. Ang huling anihilatibong TO sa Mindoro ay 2010, yung laban sa DRC. Sa ibang *provinces* may pumuputok na anihilatibong TO pero hindi kasing laki ng sa Paluan at kung malaki man ay hindi nagtatagumpay nang buo.

Nung panahon bago yung aktwal na pag-atake, nagkaroon ng pagbabago sa sitwasyong militar sa bayan. Sa poblacion may pinaputok na balita ang kaaway, may *info* silang nakuha na andaming NPA sa bayan ng Paluan.

Ka Francis: Narating din ng kaaway yung kampuhan ng mga kasama na di kalayuan dun sa target. Kwinenta nila na irereyd ang Paluan kaya nagdepensa sila sa bayan.

Ka Chito: Matapos ang *operation* sa interyor hanggang sa baybay-dagat, kinonsentrahan nila nung *2nd half* ng Oktubre ang bayan ng Paluan. Nag-*set up* sila ng mga *howitzer*, tangke. Sabi nga, sa loob ng halos 2 linggo parang may *martial law* sa Paluan. Andaming sundalo. Dinagdagan ng *augmentation force* na *army* ang *municipal compound* laluna ang *municipal police station.*

**DAGITAB:** Paano inihanda ang reyd sa munisipyo ng Paluan? Ano ang mga naging suliranin ng yunit at kumand na nakatutok sa TO?

Ka Francis: Matagal dyan yung pagsesero. Nagkaproblema sa unang larga ng paniktik dahil papunta-punta lang dun sa *site*. Hindi napakilos ang masa. Ang mismong nagmamanman ay ang *intel operative* na Hukbo at hindi siya nakapagtayo ng *intel network.*



Ka Chito: Nagsimula ang *intel operation* nung 2013 kaya nga lang hindi naging mahusay yung pagha-*handle* ng *intel operation.* Ang *operatives* kasi ng *intel operation* gaano man kahusay, kung hindi naman mahusay na nabibigyan ng *direction*, ng *command*, ay hindi rin mabilis na makapagsesero ng target. Ang dahilan kaya hindi mabilis na natatapos yung *intel operation* ay dahil walang naitatatag na base sa kalapit ng target tapos walang nagagamit na PIN o *people's intelligence network.*

DAGITAB: Paano nilutas ang problema sa pagsesero ng target?

Ka Chito: Nung 2014 lahat ng kalat-kalat na impormasyon mula sa *intel operation* sa Paluan ay tinipon at inilunsad yung bagong *intel operation.*

Ka Francis: Nung nabago, napokusan. Nagamit ang masa para makadikit sa mismong bahagi ng munisipyo. Maluwag na nakakapasok sa bayan ang *intel* natin.

Ka Chito: Yung isang yunit na napadaan sa erya para sa isang espesyal na misyon ay nakakontak ng isang masa natin na matagal nang hindi nababalikan ng mga kasama. Nakapagkwento siya na meron silang kamag-anak sa bayan ng Paluan. Dun nagsimula. Yun ang patunay na hindi mo makukuha basta ang mga taong hinahanap mo. Kailangan tumuklas ng ibang kaparaanan at gumamit ng kapangahasan.

DAGITAB: Ano ang antas na inabot ng yunit sa paniktik sa target?

Ka Chito: Nakapagtayo yung *operative* natin ng baseng masa, *intel networks* at nakadikit sa *subject*. May nagamit ang *operative* natin na mga *asset* na nakatulong para makuha ang padron sa loob at labas ng target.

Ka Francis: Nagkaroon tayo ng *asset* na nakababad sa target kaya buung-buo ang impormasyon na nakukuha natin. Nakapasok yung mismong operatiba natin sa target. Yun ang nagbigay kumpyansa sa mga kasama para iabante yung reyd. Pagkatapos nun eh di nag-*counter check* lang.

Isa pang malaking tulong yung masa at paglalatag ng mga kasama ng base. May base yung *last terminal*. Nung una, yung lugar na yun ay hindi mapasuk-pasok ng mga kasama. Naglarga tayo ng paniktik dun. Bago makakuha ng terminal ay bumuo muna tayo ng base.

DAGITAB: Kumusta ang yunit bago at habang naghahanda para sa TO?

Ka Francis: Nandun sa mga kasama yung kapursigihan na bumira. Yung mga opisyal ay pursigido. Kahit na tatlong klase ng kaaway ang nandun sa target ay pursigido ang lahat.

Ka Chito: *Excited* ang karamihan kasi matagal ngang walang malaking TO. Sa komposisyon ng tropa, haluan ng bago at luma. Nung kinuha

ang porsyento ng may karanasan sa reyd, wala pang *ten percent* sa buong tropa ang may karanasan. Kung may karanasan man sa reyd ay kadalasan sa reyd na walang putok at reyd na ang target ay hindi mga sundalo kundi mga *security* o *private goons*. Lalong mas maliit ang porsyento ng may karanasan sa reyd na may putok, iilan lang siguro, wala pang lima, ang may karanasan sa reyd na may putok.

Kung susumahin, sa karanasan at kasanayan, mababa talaga. Kaya iniangat natin. Binuo ang kumpiyansa ng tropa. Dahil sa mahusay na *intel operation* nabuo natin ang *dry run site* na in*approximate* ang sukat ng target.

**DAGITAB:** Paano inihanda ang mga Pulang mandirigma at kumander para sa TO?

Ka Chito: Sa *physical conditioning, jogging* sa umaga, *regular exercise*. Nagkataon na tag-init kaya maganda ang naging *physical conditioning.*

Ka Francis: Tapos yung *dry run* na paulit-ulit. Tinutukoy namin ang mali. Tapos *dry run* na nakauniporme na ang mga kasama, target na lang ang kulang. Susi yun. Kung ano ang *dry run,* yun ang naganap sa aktwal.

Ka Chito: Bukod doon para mas kinisin pa, may sariling *dry run* yung kanya-kanyang tim at iskwad sa bawat sektor ng labanan. Halimbawa yung aatake sa *municipal police station* may sariling *dry run,* ganundin yung tim na papasok sa *municipal hall.* May hiwa-hiwalay na *dry run* para makita kung ano ang kulang, kung saan tayo agrabyado at saan tayo may bentahe.

**DAGITAB:** Anong mga pag-aaral at pagsasanay ang inilunsad para tiyakin ang kapasidad militar ng mga kasama?

Ka Chito: Mga *case studies.* Habang nag-aantabay ng paghupa ng operasyon sininsin ang pag-aaral sa mga *case studies* ng TO, mga reyd na may putok at wala. Mga bigo at tagumpay. Karanasan sa *national* tsaka sa *region.* Tapos pag-aaral ng iba't ibang kasanayan na mahalaga sa reyd katulad ng paano ang paghahagis ng granada kapag ikaw ay didikit. Sa mga pistolero at *submachine gunner* paano ang tamang maniobra nun. Paano ipapasok ang baril nang hindi kita. Paano ang pagtatago ng baril. Papaano ang pagputok ng pistol. Meron ding pana-panahong *assessment* ng moral ng *troops.*

Inaral din paano sasabayan ang galaw ng mga sibilyan sa loob. Pangalawa, dahil reyd na may putok, paano poprotektahan ang mga sibilyan kung sakaling tumindi ang labanan. Tapos pangatlo, dahil may *combat units* na nandyan sa loob, saan posibleng magkakaroon ng matindihang laban kung hindi natin kaagad mahahawakan yung pwesto.

DAGITAB: Anong mga huling kaganapan bago ang aktwal na reyd noong Nobyembre 7?

Ka Chito: Nung umagang yun, hindi namin makontak yung isang tim na kasama sa TO. Nag-alala kami dahil baka nakuha sila ng kaaway at nakumpromiso na yung operasyon. Nandun yung pagdedesisyon kung itutuloy o hindi yung reyd. May mga ideya na wag ituloy dahil baka huli na sila, baka tayo pa ang madale dyan. Merong mga mas abanteng ideya na iabante pa rin, kung anuman ang nangyari sa kanila.

Ka Francis: Pinakahuling pinagdesisyunan yan, nagpulong pa ang mga kasama. May iba na nag-alangan na magdiretso dahil baka mapaano at baka nahuli nga yung mga kasama. Pero yung kalakhan naman, dahil walang nakikitang pagbabago sa target, ang tindig ay idiretso.

Ang nangyari pala sa nawalang tim, nahulog ang *cellphone* na kontak sa mga kasama. Nag-isip yung mga kasama na malamang hindi itutuloy yung TO dahil hindi sila makontak. Imbes na bumalik sa pwesto ng mga kasama sa *last terminal*, naghiwalay at naglakad na lang palayo.

DAGITAB: Sa aktwal na labanan, ano ang mga naging tampok na kwento?


Ka Francis: Ang isang tampok dyan ay yung mga katutubo na ngayon lang nakauwi ng bayan, nakapunta sa munisipyo. Nakabreyktru sila.

Ka Chito: Yung isang kasama na galing dun sa *municipal station* pina-*reinforce* sa *barracks*. Eh di pasok sya. Nakita niya mayroong nakadamit na sundalo. Paak! Siya pala yun, nakaharap sa salamin. Pinutukan niya yung sarili nya.

DAGITAB: Ano ang reaksyon ng kaaway?

Ka Francis: Ang kaaway, hindi na nakaganti ng putok. Sa unang bugso halos wala, mayroong ganti pero hindi ganun kalakas. Ang kapal ng putok ay mula sa mga kasama. Kahit maglabas ng kontra-propaganda pagkatapos ng reyd hindi nagawa ng kaaway.

Ka Chito: Yung kampong malalapit, halimbawa yung kampo ng CAFGU sa Mariil, yun ay *15 minutes walk* lang, hindi nakalabas. Ang sabi ng *intel operative* na nakapwesto dun para mag-ulat, kagulo raw sa loob, hindi makapagpasya yung CO kung re-*reinforce* sila o hindi. Eto namang malaking kampo na Company HQ ng 76th sa Barangay Igsusu, hindi rin naka-*reinforce*, hindi rin pumunta. Siguro natakot kasi nga 200 NPA ang hawak nilang *information*.



*After* nung reyd, dahil maraming *casualty* at maraming nakumpiskang armas sa kanila, yung *battalion commander* ng RPSB na *colonel* sa Abra de Ilog, ang *reaction*, "...putangina! Ang gagaling ng mga NPA na yan! Pinapokus tayo sa silangan, yun pala aatake sa kanluran." *Feinting tactics.* Na-*relieve* yun tsaka yung CO ng 76th IB *after* ng TO.

Tapos ang kaaway, nakapunta lang sa munisipyo kinabukasan. Pumunta mismo ang SOLCOM *commander* at RPO MIMAROPA. Kaya sa isang takdang panahon na yun nailagay natin sa *defensive posture* ang kaaway dito sa Northern Mindoro. Nung atras namin halos wala kaming naramdamang *pursuit*.

DAGITAB: Ano ang naging reaksyon ng masa pagkatapos ng TO?

Ka Francis: Maraming natuwang masa pagkatapos ng TO. Ang mga nakakaaalam sa atin natuwa, at kahit mga hindi nakakaalam sa atin ay natuwa. Bida ang NPA. Ambabait ng NPA, matapos barilin inaabyad ang sugatan, dinala sa pagamutan, tapos ang batang anak ng pulis, dahil putukan, kinalong ng NPA at baka tamaan. Isinaalang-alang ang mga sibilyan. May mga masa na hindi pa nakakakita ng NPA, eh di nang makakita ng NPA, tuwang-tuwa. Talagang laganap 'yun.

Ka Chito: Nag-*text* yung mga masa sa ating *intel officer*. Ang sabi, ang gagaling naman ng mga NPA. Ang gagaling ng mga 'NFA'! Takbuhan ang 'malagkit', natakot sa 'NFA'. Sabi nung isang kabataan, grabe ka kuya bakit di mo ko sinama aatakehin nyo pala?

DAGITAB: Anong naging epekto ng matagumpay na TO sa mga kasama?

Ka Chito: Matapos nun, yung mga tropang kasama dun, kahit saan, walang pinipili, sa kusina, kubeta, yun ang pinagku-kwentuhan. Hanggang isang taon yun ang pinagku-kwentuhan ng mga Hukbo. Maraming naibreyk na kumander, maraming naibreyk na mandirigma. Nabigyan ng bagong karanasan sa labanan. Yung mga sumama sa TO na mandirigma, pagkatapos nun naging mga opisyal na. Tapos yung mga sinasanay na opisyal na lumahok sa TO ay humawak na ng mga yunit.

# Unang Pagsusulit

NI KA OXEN, ULOS 2016

**SA ARAW NG PAGTATAPOS** ng pagsasanay, punumpuno ng kaalaman. Nagbigay ang pagsasanay na ito ng kumpyansa sa bawat isa sa pakikihamok sa kaaway. Punumpuno din ng hamon. Ika nga ng mga instruktor, "Ang patuloy na paghahasa ng kaalaman ay ang paggamit nito sa praktika."

Sa araw ng pagtatapos, umpisa rin ang isang mahabang pagsusulit sa isang matagalang digma.



Madulas ang bato, lumalalim at lumalakas ang agos ng tubig kasabay ng tuluy-tuloy na buhos ng ulan. May balitang bagyong parating. Palarga na ang mga tim para sa unang misyon.

Hindi kami pamilyar sa kalupaan, wala pang gaanong kilalang mga tao at hindi pa masyadong bihasa sa lenggwahe. May konting "takot" pa sa sinasabing maraming limatik ang aming dadaanan.

Malamig dahil sa pagkabasa namin sa ulan. Pinapawi naman ng init na ikinukubli ng kapirasong pamandong na plastik at ng ngalay na balikat sa dalang pak ng mga daing, sardinas at iba pang pangangailangan na pinasarap ng mga baon na inspirasyon at hamon.

Hamon para sa lahat sa amin ang muling pagpapasigla ng mga opensibang militar ng mga larangan para mahatak ang ibang pwersa ng kaaway mula sa ibang larangan at rehiyon, tugon sa panawagan tungong estratehikong pagkakapatas. Hamon sa amin na maisapraktika ang natutunan. Ika nga, "Mapapatunayan ang talim ng gulok kung ito ay gagamitin, at patuloy itong magiging matalas kung ito ay laging hahasain."

Puspos ng inspirasyon ang aming unang misyon at ang dalang mga bagong kaalaman. Nagpatingkad ang balitang walang awang pagpaslang kay Ka Parago, isang kumander ng Pulang hukbo at dakilang kasama. Dapat igawad ang rebolusyonaryong hustisya para sa mga kasama at para sa masang patuloy na nilalapastangan ang mga karapatan.

Masaya ang mga kasama sa tim. Walang maramdamang tensyon. Lahat ay inspirado at desidido.

"May ibang tao, mga kasama, huwag muna kayong magpakita at baka makapagkwento," wika ng tagaroon sa baryo na aming target. Medyo matagal na hindi nababalikan ang lugar dahil sa labanang naganap dito, mahigit isang dekada na ang nakaraan. Hindi kami kilala ng masa pero marahil pamilyar sila sa mga kilos dahil sa matagal na pakikihalubilo sa mga kasama. Nagtiwala sila. Kami ay iningatan at pinatuloy kahit may pangamba. Dagdag nila, "May dalawang beses nang dito natulog ang mga marirok[1] nito lamang nakaraang taon. May pwede kayong pwestuhan na kaya pa naming makapagpaabot kapag may ibang tao o marirok na darating." Ramdam namin ang pagmamalasakit ng masa upang mapangalagaan ang Hukbo.

Umuulan nang kami ay dumating sa kanilang bahay. Kahit na basang-basa, mainit kaming nakipagkamay at nangumusta. Sinalubong nila kami sabay ng sambit ng "matyis", ang salitang "malamig" sa lokal na lengguwahe. Masaya ang masa. Lagi silang nakangiti. Binigyan nila kami ng manok na pang-ulam. Nakakaantig.

Tuluy-tuloy pa rin ang pagbugso ng ulan, may isang linggo na. Matatarik ang daanan. Kailangan naming umiwas sa mga normal na daan upang hindi mapansin ng mga tao. Mahirap ang daan at masukal. Kailangang tiyagain.

Sa paglakad namin papunta sa aming target, mahapdi na ang mga paa namin sa alipunga, ika nga ay karne na. Hindi namin ito inantisipa. Maging ang singit at hita namin ay puro na 'yaes'[2] at mga nakaika nang lumakad. Nakakaang ang hita dahil mahapdi pero pursigido pa rin ang tim na makatuloy sa target.

Pagkalapit namin sa target, kailangang maghanap ng pwedeng mapwestuhan. Malakas pa rin ang ulan at katal na ang katawan sa lamig ng halos maghapong basa. Talagang hindi kayang pawiin ng ngalay ng bag sa balikat ang lamig.

Tinanaw namin ang target. Masukal na ang kampo. Halos walang masilip. Wala ring naglakad-lakad, marahil ay dahil maulan. Malayo rin ang pwestuhan. Kailangan muna naming bumalik, palipasin ang maulang panahon, at pag-usapan kung ano ang mahusay na magagawa upang makabira, gayundin, makapagpagaling ng mga alipunga at yaes.

Makalipas ang ilang araw, maganda na ang panahon, gayundin ang pakiramdam ng mga paa at hupa na rin ang mga yaes. Napagkaisahan ng tim na muling balikan ang sayt. Mga alas-9 ng gabi kami dumating sa tapat ng target. Medyo malayo pa rin ang

distansya. Sa kapirasong talahiban, sinikap na pagkasyahin ang tim. Tahimik kami dahil mga dalawang metro lang sa likod at harap ay daan ng magsasakang may kaingin sa pinwestuhan.

Papaliwanag na, patuloy na naghahanap ng malinaw na masisilipan sa mga dahon ng talahib. Nakikita na rin ang nagtatawirang kaaway sa kapirasong pugwang. Medyo may kalayuan pa rin talaga ang sayt at hindi rin tumitigil ang kaaway sa makitid na pugwang.

Matingkad na ang init ng araw. Umiigting ang alinsangan dahil sa walang makapasok na hangin sa talahib at kugon. Nagpapabalik-balik ang kaaway sa kanilang mga kubo. Nakatagilid sila at hindi tumitigil sa pugwang. Tayang hindi tatama. Nag-usap ang tim at napagdesisyunang ituloy na ring putukan upang lumabas ng kampo ang kaaway at ang ikakasa nitong operasyon ang bibirahin.

Pang!

Pinakawalan ko ang unang putok kasabay ng malakas na tugtog ng *videoke* sa di kalayuan. Hindi tumama. Naglabasan ang ibang kaaway, nakatigil sa lawad at nakaharap sa pusisyon namin.

Pang!

Pinakawalan ng isang kasama ang pangalawang putok. Takbuhan ang kaaway sa mga kubo sabay sigaw na "kalaban nga!" Wala na kaming makita kaya umalis na kami.

Sa pangatlong araw, ipinatawag sa kampo ang masa dahil pinaputukan daw ang kampo. Nag-abiso silang aahon at mag-ooperasyon ang mga ito. Ito ang hinihintay ng tim.

"Mga kasama, matagal nang alam ng mga sundalo sa kampo na may mga 'huwad' sa lugar na ito, sangkot sa mga nakawan ng baka, ng aming mga saging at bondo pero hindi nila inaahon o pinupuntahan. Pero kapag nakabalita ng NPA, umaahon sila agad," sumbong sa amin ng isang tagabaryo.

"Mga kasama! May mga kaaway sa ibaba at malamang na paahon dito!" paabot ng isa pa. Kagyat kaming pumakat sa natukoy naming pwestuhan bandang alas-10 ng umaga. Kagyat na naglinis ng pwedeng masilipan sa manipis na kugunan. Matingkad ang init, ala-una na pero hindi pa rin dumadaan ang kaaway. Kumukulimlim, umaambon na kaya nagpandong ng plastik ang tim.

"Yan na! Kaaway!" sambit ng isang kasama sa *shooter*. Nang tumanaw ako sa daan, nangingitim ang magkakalapit na kaaway.


Ang target ay ang unang tao. Alas-tres na ng hapon at lumakas na rin ang ulan.

Pang!

Pinakawalan ng isang kasama ang isang putok, timbuwang ang kaaway, hindi na gumalaw, hindi na bumangon sa pagkakalugmok.

Matapos ang putok ng kasama, kagyat na tumugon ng putok ang kaaway nang walang puknat. Malayo na kami ay tuloy pa rin ang putok nang mahigit kalahating oras.

Isang putok sa mga mersenaryong tropa na desidido at pursigidong tumugis at pumatay sa bawat Pulang mandirigma. Isang putok ng rebolusyonaryong hustisya para sa mga masa at sa mga kasama.



Sabi nga sa aming pagsasanay, "isang putok, isang patay."

Gaya sa isang pagsusulit, ito ay isang *'multiple choice,'* ngunit kailangang piliin ang pangunahin na may malaki o kagyat na sasaling sa epektibidad at moral ng kaaway. Isang *'matching type,'* pag-angkop ng kapasidad ayon sa kakayahan. Isang *'enumeration,'* sa taglay na kasanayan ay maaangkupan ang iba't ibang kahingian ng pamamaril—malapitan, malayuan, nakatigil, gumagalaw, nakakubli o nakalantad, araw man o gabi—nang makatama nang terible. Isang *'essay,'* kung paanong ang kumbinasyon ng salita ay nakabubuo ng mahusay na pangungusap, sa pagpapaputok naman ay kailangan ng kumbinasyon ng pasensya, tiyaga at maingat na pagkilos nang makalapit sa target upang sorpresa'y tiyak na makamit. At higit sa lahat, isang *'fill in the blank,'* ang lahat ng ito ay mapupunuan at magkakaroon ng kaganapan kung target ay *bulls* na tatamaan.

------

*1 marirok - lokal na tawag ng masa sa sundalo*

# Ka Rima

KA LORA, DAGITAB 2017

"***ASSAULT! SECOND TEAM*** **KUNIN** ang loob ng *station.*"

Pang!... Pang!... Pang!

Pili ang mga putok na umalingawngaw mula sa labas sa *compound* ng *station* at mula sa loob nito na pinakawalan ng mga kasama. Nagtakbuhan na ang mga pulis at sundalo at ang iba pa'y nagsidapa't nagsisukuan na.

Tahimik naman at matiwasay ang 3-taong bata habang nasa ilalim ng dumapang kasamang kumandera upang makoberan ito habang nagpuputukan.

Si Kasamang Rima ang isa sa mga kumander ng matagumpay na TO na yun. Isang babae.

***

Isang babae ang masayang sumalubong sa amin sa aming pagdukdok sa pampang. May 15 minutong lakarin na sisihan bago ang sadyang lupa.

"Mga kasama lalakad pa tayo ng may tatlong oras at tatawid tayo ng kalsada kaya hindi tayo magpa-*flashlight,*" ika ni Ka Rima at siya na ngang gumiya papunta sa aming destinasyong himpilan ng mga kasama.

Mukhang kabisado na niya ang erya. Eh hindi, dito sa *general area* na ito siya naunang mag-*fulltime* at muli lang nagbalik, mga 20 taon ang nakalilipas...

***

Nakalipas ang ilang panahon ay doon ko nalamang bahagi ng masalimuot na pakikibaka sa rehiyon si Ka Rima, isang kumandera, may rebolusyonaryong kabiyak at mga anak.

Hindi isusukat ang husay at tapang ni Ka Rima kaya naman napanday siya na kung ano ang kaya ng lalaking mga kasama ay kaya rin niya, mapabuhatan man yan o barilan.

***

Para diskartehan ang isang mahalagang gawain sa pagkabisa ng erya at susi sa transportasyon ng mga kasama, nagamit din ni Ka Rima ang kanyang pagiging babae na madaling ihalubilo sa mga tao. Minsan sumama ako sa kanya, katuwang ang masa sa lokal, para mamulot ng mga kuhol at mga lamang-dagat sa tabing dagat. Hindi nga ba't kami'y nakapagpamilyarisa na ng tabing dagat na yun sa pamamagitan ng kwentuhan habang gumagampan ng gawaing lokal ng masa.

Matapos nun ay sumama naman kami ni Ka Rima sa kaingin ng masa para tumulong na magtanim ng mais. Tapos nag-*harvest* kami ng kalabasa, papaya at iba pang gulayin.

Ayos, may iuuwing gulayin sa mga kasama. Hindi naging problema ang pagbibitbit kahit mabigat ito tingin ko dahil sa lakas magbuhat ng aking ka-*buddy* na kumandera.

***

Kumandera siyang nasa unahan ng pakikibaka.

Ayos, kami ang *assault squad.* Susubukan kong kumuha ng bidyo para sa bawat galaw ng mga kasamang ka-iskwad. Ito nga pala ang unang beses ko na makakasali sa isang TO, reyd na may putok.

"Susunod ka lamang sa akin, ha?" paalala sa 'kin ni Ka Rima, bagaman ilang beses na rin kaming nakapag-*dry run* ng aming gagawin sa aktuwal. Kaya kahit kabado ay lagi kong itinatatak sa aking isip ang napagpraktisan naming abante habang namumutok. At ako, abante habang nagbibidyo.

May 10 metro na lang sa amin ang layo ng target na bahay-kampuhan ng mga sundalo. Mga nakaupo na kami at naghihintay na lang ng *signal fire.*

Pang! Pang!

Agad-agad akong tumakbo paunahan sa may "kober" na kakasibol pa lang na puno ng niyog. Teka, hindi dapat ako magtagal dito. Kaya kasabay na itinapat ko nang maayos ang *camera* sa eksena ay iginala ko nang mabilis ang mata ko.



Praaakkk! Praaakkk!

Nakita ko yung ka-*buddy* ko nasa kabilang puno na. Lumingon naman

sa akin si Ka Rima at nagbigay ng hudyat na umabante ako habang namumutok ang mga kasama.

Pagsalimbay ng putok ng mga kasama ay umabante ako sa pwesto ni Ka Rima na puno at siya nama'y lumiban sa kabila, sa may poso na semento ang dingding. Isa pang hagot na *high crawl*-takbo ang ginawa ko papunta sa may poso.

Praaakkk! Praaakkk! Kablammm!

Walang kakaba-kabang namutok mula sa pwestong 'yon si Ka Rima. Pagsabay ulit sa putok ng mga kasama ay umabante naman kami sa kasunod na trensera na kural ng mga baboy, sementado din yun.

Praaakkk!

Hingal man ako ay maiging nakuhaan ko ng bidyo ang ilang mga ka-iskwad, dahil relatibong malawak ang trensera namin.

Praaakkk! Praaakkk! Plok!

Praaakkk!

May namumutok ding kaaway mula sa kanilang bahay, tumatama sa sementadong dingding ng kural ang mga bala.

Praaakkk!

Ganting putok ng mga kasama. May nasirang baril sa aming tim, kaya habang nag-aayos ng sariling baril ang kasama ay iniradyo ito ni Ka Rima at narinig kong magpapadala ng *reinforce* na *machine gun* at isa pang baril sa aming pwesto.

Boom! Praaakkk!

Nagpasukuan na sa kaaway ngunit may isa o dalawa pang buhay na kaaway at nag-uusap sa loob ng bahay at gumaganting putok. Praaakkk!

Nasa labas na ng kural sina Ka Rima at kinuha ang pusisyong malapit sa bakod ng bahay ng kaaway.

Nagpatuloy ang ilan pang pamumutok at pagsabog hanggang sa nagdesisyon ang kumand na iatras na ang tropa dahil sa inabot na tagal ng labanan.

Nakapagmaniobra naman ang buong tropa papunta sa bahaging likuran papuntang RPhan[1]. Wala na ang kaba. Wala na ring *charge* ang *battery* ng *camera* kaya hindi ko na nakuhaan ang padulong bahaging yun ng labanan.

Bagamat nakakapagod ay nakahinga din ako ng malalim dahil naisagawa namin ang pagdurog sa kaaway na instrumento ng mga kapitalistang sumisira ng kalikasan para sa tubo. Tiyak na malalamig na bangkay ang dadatnan doon ng mga *reinforcement* nila.

***

Malamig ang panahon ngayon. Panahon din ng mainit na pagdiriwang at pagkikita ng mga mahal sa buhay, mga kasama mula sa lungsod, at mga masa sa lokal na hindi magkamayaw sa takdang gawain at pangangamusta.

Dumalaw ang aking kapamilya sa araw ng anibersaryo ng Partido. Gayundin ang kapamilya ng iba pang mga kasama.

Sa pagtatapos ng matagumpay na programa, nakakatuwa't mukhang palagay ang aking ina na aalis sila't uuwi nang yumakap pa ito kay Ka Rima. Naghabilin ba.

"Kayo nang bahala sa anak ko..." ang hindi pa siguro alam ng aking ina, higit pa sa akin na minsang nakaka-*buddy* ni Ka Rima ang inaalagaan at iniingatan nito.

Marami pang mga anak at kasama sa rebolusyon si Ka Rima kung kaya nananatiling matatag ang tulad niyang kumandera at ina.

------

*1 RPhan o RP - rallying point*

# Reyd

NI KA KULAS, DAGITAB 2017



**ALAS KWATRO NG UMAGA—GINISING** ako ng OD[1] sa aming pormasyon para magpak-ap na at ayusin na ang mga gamit ko para sa aming pag-alis sa pwesto. Bumangon na agad ako at kagyat na inayos ang aking hinigaan at pumunta sa kusina upang kumuha ng kape.

Naalala ko ang mga lumipas na araw ng aming mga *dry run*, paghahanda at pagpapamilyarisa. Iba't ibang mga senaryo rin ang aming pinag-aralan at isinagawa. Nakapaglunsad pa kami ng pagsasanay sa mga kalahok na kasama. Marami ring natutunan ang lahat sa mga kasong-aralin ng iba't ibang katulad na operasyon sa aming isasagawang taktikal na opensiba. Bukod sa lakas ng loob, babaunin namin ang lahat ng ito sa pagsabak namin sa operasyong aming ilulunsad. At tulad ng ibang mga matatagumpay na operasyon, ito ang magbibigay sa amin ng kumpyansang mapagtatagumpayan namin ang TO.

Maagang bumangon ang mga magluluto, pagdating ko sa kusina ay may sinaing na at niluluto na lamang ang aming ulam. Samantala, unti-unti nang naggigiba ng mga kubo at nag-aayos ng mga gamit ang ibang mga kasama.

**ALAS DIYES NG UMAGA—NAKAHANDA** na ako, nagiba ko na ang aking kubo, kumain na ng almusal at tumulong sa pagpapak-ap ng mga gamit kusina. Sa kabila ng pag-iisip ng maaaring kahinatnan ng ilulunsad naming operasyon, naging maayos ang aking tulog kagabi at maagang gumising para ihanda ang aking mga gamit.

Inihabol ko pa ang pagcha-*charge* ng kamera kagabi na gagamitin ko sa pagkuha ng TO. Inayos ko rin ang iiwanan kong gamit para magpagaan at inihanda ang aking mga dadalhin sa aming magiging atrasan. Inihanda ko na ang sarili kong mag-aatrasan kami ng halos dalawang araw kung sakaling mangyari ang senaryo na magkakaroon ng labanan o mabilis na makakatunog ang kaaway. Tiningnan ko pa kung kumpleto ang mga suplay na dadalhin ko para rito.

Bago umalis sa aming *staging area,* pinatsek muna ng aming kumander ang lahat ng aming dadalhing gamit. Kahapon, tiningnan kung puputok ang lahat ng mga baril. Tiniyak ang mga gagamiting granada, *command detonated explosives,* radyong pangkomunikasyon at iba pang gamit. Medyo mahaba pa ang lalakarin namin papunta sa lugar kung saan kami sasakay papunta sa aming target.

**ALAS ONSE —KAILANGAN** na naming magmadali, dapat nga ay naglalakad na kami. Dun na kami mag-tatanghalian sa *terminal* namin, dun na kami magbibihis ng unipormeng gagamiting panlinlang sa mga *security guard* ng aming target at dun na rin gaganapin ang aming huling *briefing.*

Habang naglalakad, hindi ko iniinda ang init ng sikat ng araw at banas ng panahon. Pananabik na may kaunting kaba ang aking

nararamdaman. Tulad ng marami kong kasama, unang TO ko ito mula noong ako'y magpultaym sa hukbo. Ang iniisip ko at tinatandaan ay ang aking gagawin sa iba't ibang senaryong pinag-aralan namin.

**ALA UNA—NAKARATING** na kami sa aming huling *terminal*, dali-dali kong inayos ang mga dala ko. Inilabas ko ang mga ipapatagong gamit, kasama ang aking bota. Isinama ko ang mga ito sa gamit ng ibang mga kasama. Nagbihis na ko at nagsuot ng *combat shoes.* Ilang sandali lang ay dumating na ang aming tanghalian at babaunin. Pagkakain, tinangka kong magpahinga saglit. Inisip kong pagkasakay sa sasakyan ay hindi na ko makakatulog at kung sakali man ay hihirapin na kong makatulog kung matutuloy ang aming atrasan ng dalawang araw na lakad.

Hindi na'ko nakaidlip pa. Pinilit kong matulog kahit saglit ngunit dahil sa dami ng iniisip ay hindi na 'ko nakaidlip. Pagkarating ng mga hinihintay namin, naghuling *briefing* na kami.

**ALAS KWATRO—DUMATING** na ang mga sasakyan. Sa unang *van* ako sasakay para sa dokumentasyon. Kasunod kami sa sasakyan ng *blocking force*. Mabilis na kumilos ang lahat papunta sa mga sasakyan. Pagkasakay ng lahat ay bumyahe na kami papunta sa aming target.

**ALAS SAIS—NAKARATING** kami sa tarangkahan ng irereyd na Command Post ng Selective Security Agency. Matagal nang inirereklamo ng mamamayan ang nasabing *security agency* dahil ginagamit ito ng SM Development Corporation upang dahasin at palayasin ang mga magsasaka sa kanilang mga lupang sakahan na planong idebelop ng SMDC. Sila ang nagbubunot ng mga tanim ng mga magsasaka, nangwawasak ng mga ulingan at nananakot sa mamamayan. Mula nang ireklamo ang *security agency*, kagyat itong pinagtuunan ng pansin ng Bagong Hukbong Bayan. Kinalap ng Pulang

hukbo ang mga kinakailangang paniktik mula rin mismo sa mga masang inoorganisa sa erya.

Dali-daling bumaba sa sasakyan ang lahat ng mga kasama at sa loob lamang ng ilang minuto ay nakontrol na ang target. Kagyat na nakapwesto ang mga kasama sa kani- kanilang mga AOR[2]. Hindi na nakapanlaban pa ang mga security guard nang nagdeklara na ng "REYD ITO", "MGA NPA KAMI." Tinipon ang lahat ng naka-duty na *security guard* at pinadapa sa likurang bahagi ng *compound.*

Kagyat na nakuha ang malaking bulto ng mga armas at bala na nasa Command Post. Hinalughog namin ang buong Command Post. Pinasok namin ang lahat ng kwarto at opisina. Sinamsam ang lahat ng gamit militar at pangkomunikasyon.

ALAS SYETE—PINUNTAHAN ang kasunod na target, ang *compound* ng Costa del Hamilo Inc. Estate Management Group ng malaking burgesyang kumprador na si Henry Sy.

Kagyat na nakapasok ng *compound*, nakontrol at nadisarmahan ang mga nakaduty na mga *security guard.* Pinuntahan ng mga kasama ang kani-kanilang AOR. Tinipon ang lahat ng mga sibilyan at mga personel na nasa loob. Tulad ng ginawa sa Command Post, hinalughog din ang mga opisina para sa mga armas na masasamsam.

Pagkatapos ng reyd, bumalik lahat ng mga kasama sa kani-kanilang mga sasakyan upang umatras na. Nagtatalakay ako sa mga naipong mga sibilyan at personel nang tumawag na ng pag-atras ang aming kumander. Tumakbo kami ng aking ka-*buddy* pabalik sa aming mga sasakyan upang doon na mag-*regroup*. Nang matiyak na kumpleto na ang lahat ng mga kasama sa mga sasakyan saka umandar ang mga ito papunta sa aming aatrasang lugar.

LIGTAS kaming nakaatras na walang natamong pinsala sa aming matagumpay na REYD. Bitbit ang lahat ng aming mga nasamsam, ngiti sa aming mga labi at mga kwento at karanasan ng isa na namang tagumpay ng Bagong Hukbong Bayan.

------

*1 OD - officer of the day*

*2 AOR - area of responsibility*

# Raid sa Tumbaga Ranch

DIKLAP LITERARY JOURNAL 2023




**MATAGUMPAY NA NAISAGAWA NG** Apolonio Mendoza Command - Far South Quezon ang *raid* sa Tumbaga Ranch Barangay Nasalaan, San Francisco noong ika-26 ng Pebrero, 2018.

Na-*overrun* sa loob lamang ng 7-minuto ang mga pribadong *goons* sa loob ng rancho. Isinagawa ang *raid* bilang isang parusa sa despotikong panginoong maylupang si James Murray.

Tumbaga Ranch

Ang Tumbaga ranch ay matatagpuan sa dulong timog ng Quezon sa bayan ng San Francisco. May lawak itong limang ektarya na maisan, ube at malalaking punongkahoy.

Ang produktong punong kahoy ay dinadala sa Kamaynilaan at doon prinoproseso para gawing mamahaling mwebles.

Kung gaano kaunlad ang kompanya ng mga Murray sa loob ng rancho ganoon naman kahirap ang kalagayan ng manggagawang bukid sa loob nito.

Sumasahod lamang ang manggagawa sa *sawmill* ng P1.25 kada bolpit, habang ang mga istap ng kompanya ay may sahod lamang na P204 kung regular at P189 kung *casual*. Regular man kung ituring itong manggagawa ng kompanya, hindi naman regular ang kanilang sahod. Buwanan kung magbyahe ang kanilang bagong *manager* na si Jimmy Peñaverde, ngunit depende pa kung may dala pauwi ang manager na buwanang sahod nila. Kaya naman resibo na lamang ng utang ang natatanggap nila kada buwan. Ang resibong ito ay tala ng utang ng manggagawa sa tindahan na pagmamay-ari rin ng kompanya ng Murray.

Sa ganitong kalagayan, pinapahintuluan naman silang makapaghanap ng ibang *buyer* ng kanilang panapanahong pag-ani ng ube pero hindi sila maaring makapagtanim ng mga nakasanayang mga panamin gaya ng pagnyunyugan at pagtatanim ng mga gulayin.

Ang ilan sa mga naninirahan doon ay may 40 hanggang 50 taon na at nananatiling walang karapatan para magkaroon ng sariling lupain sa loob ng asyenda ng mga Murray.

Ang pamilya Murray ay minsan sa isang taon lamang makita ng mga manggagawa sa rancho.

## Reyd

Inilunsad ang naturang *raid* sa rancho upang parusahan ang despotikong pamilya ng Murray sa hindi nila makatarungang pamamalakad sa kompanya. Bahagi ng pamamarusa ang pagdis-arma sa mga *private goons* at mga CAFGU na nasa loob ng rancho, pagkumpiska ng mga kagamitang-militar at pagsira sa *detachment*.

Ang mga makinarya na kagaya ng *sawmill* at ng *dryer* ay ilan lamang sa mga dapat wasakin upang mapilayan ang operasyon ng pagsasamantala ng kompanya ng Murray, ngunit sa kahilingan ng masa na huwag ituloy ang planong ito, matalinong pinagpasyahan ng mga kumander ng Pulang Hukbo na huwag nang wasakin ang mga ito. Mahigpit na lamang na binabalaan ang *manager*, mga CAFGU at ang mga *goons* na ayusin nila ang pangangasiwa ng kompanya para sa ikabubuti ng manggagawang bukid sa rancho.

Ipinaliwanag sa mga manggagawa na ang kanilang pangunahing pangangailangan ay maibibigay ng paghahangad nila ng sariling lupa at hindi ng pagpapaalipin nila sa mga Murray.

Binigyan ng karapatan ng Demokratikong Gubyernong Bayan sa pamamagitan ng Bagong Hukbong Bayan ang mga magsasaka sa loob ng rancho na gamitin at paunlarin ang lupang sakahan, imbitahan ang mga kamag-anak at ang kanilang kapwa magsasaka sa labas ng rancho na pagtulung-tulungang linangin ang lupang sa baka lamang inilaan ng mga Murray at organisahin ang kanilang mga sarili upang makapagpalaki at makapagpalakas ng pwersang makapagpapabagsak sa paghahari ng dayuhang pamilang Murray. Ipinaunawa naman sa mga *goons* na mga manggagawa rin sa loob ng rancho na mali ang pagpaling nila ng suporta sa panginoong maylupang si Murray. Ginagamit lamang sila nito upang paghiwalayin ang pangunahing pwersang maaring magpabagsak sa kanila.

Habang hindi naman kinakailangan ng reaksyunaryong hukbo at mga gamit-militar sa isang lupang sakahan, nililikha ng pamilang Murray ang kondisyon upang takutin ang magsasaka at manggagawa sa loob ng kompanya upang manikluhod sa kanila.

Binabalaan kasama ang *manager* na si Jimmy Peñaverde na kapag nanatili ang kanilang mapagsamantalang pamamalakad sa manggagawa sa loob, ay hindi imposible sa Bagong Hukbong Bayan na balikan ang rancho para muling isagawa ang pamamarusa sa mga utitang *goons* at CAFGU sa rancho, ngunit sa pagbalik ng yunit ng Pulang mandirigma ay katuwang na ang masa sa loob ng rancho.

Nagpasalamat ang masa at ang mga manggagawa sa Pulang mandirigma sa isinagawang *raid*. Maige nga raw at nalaman nila ang sistema ng pamamalakad ng pamilyang Murray sa kanila. Umaasa ang masa sa muling pagbalik ng yunit ng Hukbong Bayan sa rancho para sa tuluy-tuloy na pagpapaunlad ng lupang sakahan sa rancho ng mga Murray.

# Ambus sa Bacong Ilaya

KALATAS 2018

**MALIWANAG PA ANG BUWAN** nang dumating kami sa lugar na iyon. Tinanong ko ang aking ka-*buddy* na CO kung nasaan na kami.

"Dito na tayo sa sayt. Bacong Ilaya," bulong niya.

Tila mga ibong nagambala at biglang nagsiliparan at nawala ang lahat ng pagod at sakit ng katawan na aking naramdaman buhat ng ilang gabing lakaran papuntang *ambush site.*

Ibinaba ko ang aking bag at inilabas mula roon ang kamera para sa dokumentasyon ng aming isasagawang opensiba. Ikinabit ko iyon sa aking amopots at inihanda ang sarili. Unang TO ko ito, naisip ko, kaya kailangang husayan.

Mula sa aming pwesto ay tanaw ang mga sasakyang dumaraan sa *hi-way.* Mabibilis ang mga iyong tanging nagdudulot ng ingay sa tahimik na gabi.

Aktong nagkakabit na ng bomba ang mga kasama nang magsabi ang CO na may dadaang isang sasakyan ng kaaway. Dahil kararating pa lamang sa sayt at hindi pa tapos ang mga paghahanda, pinalampas muna ang sasakyan. Pinapalad ata ang mga sakay nyon ngayong gabi, sabi ko sa sarili.

Target naming bigwasan ang **85th IBPA** na libu-libong mamamayan na at kanilang kabuhayan at ari-arian ang pininsala. Tulad ko, marami ring mga kasama ang unang karanasang TO ito. Sisingilin ng mga magigiting na kabataang Pulang mandirigma ang pasista at teroristang AFP sa kaliwa't kanang mga paglabag nila sa karapatang pantao ng mamamayan. Bitbit sa alaala ng marami sa amin ang kahayupang ginawa ng militar sa Nasugbu 14 at sa iba pang kasamang namartir sa berdugong kamay ng kaaway.

Nag-antabay pa kami ng susunod na sasakyan ng kaaway na dadaan. Salitan sa pagpapahinga at pagbabantay ang mga kasama. Lumalalim at lumalamig na ang gabi. Kahit ako ay dinalaw na rin ng antok.

Alas-kwatro na ng madaling-araw nang gisingin ako ng isa ko pang ka-*buddy* na *adjutant* ng CO. Huling sasakyan na iyon na dumaan noong gabi. Tumayo ako at tumingin sa kalsada. Tahimik. Wala nang gaanong dumaraang sasakyan.

Tumagal pa ang aming paghihintay hanggang sa magbukang-liwayway. Matingkad na pula ang sikat ng araw sa ibabaw ng asul na kalangitan.

**PASADO ALAS-NWEBE** nang mapabalikwas mula sa pagkakaupo ang CO at sumigaw: "Pasa-handa! Plan A1! Isang sasakyan!"

Kanya-kanyang *relay* ng ulat ang mga iskwad lider sa kanilang mga mandirigma. Nagsipaghanda na ang mga kasama. Inantabayanan ang paparating.

Maya-maya'y tumunog ang radyo ng CO. Ulat-kumpirmasyon mula sa *blocking force:* "Nariyan na! Isang sasakyan! Walang sibilyang kasunod! Inyo na yan!"

Nagtanong naman ang IL ng Baking, "Ang sibilyang naglalaba ba sa poso'y nakaalis na?"

"Oo, wala na riyan. Kinumpirma na ng Abe," tugon ng CO habang hawak ang *wire* para sa pagpapasabog ng bomba.

Papasok na ang target na sasakyan sa *ambush site* nang mag-ulat sa radyo ang IL ng Kaloy: "May sibilyang kasalubong!"

"Wag papuputukan ang sibilyan!" atas ng CO.

Nakapasok na ang trak ng militar pero hindi pa nakalalabas ang dyip at *tricycle* ng masa sa sayt. Nang makatiyak ang Abe na hindi na mahahagip ang masa, dagli itong nag-*signal fire* at inihatid ng mga putok ng baril ang trak ng kaaway papuntang gitna ng kalsada.

Pak! Pak! Pak! Pang! Pang!

Boooooom! Boooooom!

Dumagundong ang sunud-sunod na mga pagsabog. Dumaluyong ang sunud-sunod na mga putok. Tilamsikan ang lupa. Pinuno ng usok at abo ang paligid.

Pak! Pak! Pak! Pak! Pang! Pang!

Kahit ang Kaloy ay nagpapaputok na rin at nakapagpasabog na ng kanilang bomba. Gumanti ng putok ang kaaway bago makalabas sa *killing zone.* Ngunit, tulad ng lagi nilang ginagawa kapag sila'y nasa depensibang pusisyon, namumutok sila nang walang tiyak na target. Basta lamang makapagpaputok. Kung kaya, walang kaswalting natamo ang mga Pulang mandirigma ng BHB sa nasabing opensiba.

Dito ko higit na napatunayan ang kawastuhan ng pagpapatuloy ko sa rebolusyon. Nasaksihan ko ang kapugay-pugay na diwa ng mga kasama sa pag-una at pagsaalang-alang sa kaligtasan ng sibilyan. Hindi na baleng hindi matuloy ang TO basta't walang sibilyang madadamay. Naglilingkod ang Bagong Hukbong Bayan sa masa kaya hindi nito maaatim na saktan ang mga inosenteng sibilyan. Kagyat ding nagpaabot ng puna at tulong-danyos sa mga sibilyang nagalusan sa ambus ang rebolusyonaryong kilusan.

Napatunayan ko rin mula sa karanasang ito ang kabuktutan ng ipinamamarali ni Duterte na maling landas ang pagsapi sa BHB naming mga kabataan. Hindi pagsasayang ng oras at panahon ang paglilingkod sa sambayanan. Dahil sa namalas ng sarili kong mga mata ang mataas na diwa ng rebolusyonaryong pagtitimpi at disiplina ng mga Pulang mandirigma, hindi ko kailanman pinagsisisihan ang pagsapi ko sa BHB.

Lima ang patay at apat ang sugatang kaaway sa opensibang iyon. Tagumpay ito para sa Pulang hukbo at buong rebolusyonaryong kilusan at hindi matatawaran ang bagong karanasang nakamit ng mga bagong kasapi ng BHB.

Sa pag-atras, hindi alintana ang pagod sa lakaran dahil sa nagampanang mga tungkulin sa matagumpay na TO. Ayon pa sa kwento ng *blocking force,* may masa pang tumulong sa kanila sa paghaharang sa mga sasakyan ng sibilyang gustong dumaan sa gitna ng nagpapatuloy na putukan. Salaminan ito ng malawak na pagsuporta ng masang lokal sa kanilang Pulang hukbo. Matapos ang TO, tiyak ang tuluy- tuloy na paglawak ng baseng masa gayundin ng kasapian ng Bagong Hukbong Bayan.

# Reyd sa Monte Rock

NI KA CIELO, DAGITAB 2019




**LIMANG ARAW NANG TULOY** ang ulan noon buhat ng bagyong Karding. Nasa *last terminal* kami para sa TO at namumroblema sa sasakyan dahil mahihirapan daw sa baha.

Matinding pagbaha na ang dinaranas noong panahong iyon ng mga komunidad sa San Mateo at Rodriguez sa Rizal. At tulad ng kadalasang nangyayari, pati ang mga katabing syudad sa Metro Manila katulad ng Marikina. Abot-dibdib na ang baha sa ilang mga komunidad at halos languyin na ng mga residente. Pinapasok ng tubig ang mga tahanan, na malaking kapinsalaan sa mga ari-arian at kabuhayan nila.

Matagal na itong idinadaing ng mga residente ng mga nasabing lugar. Lalo na ang mga taga-Rizal, na matagal nang nagrereklamo sa lokal na gubyerno ng probinsya upang ipasara ang mga *quarry* rito.

Isa sa mga *quarry* na iyon ang Monte Rock Corporation na pag-aari ng pamilya Ignacio. Malaking bahagi na ng kabundukan ang kinalbo nito at naging isang malaking dahilan ng pagguho ng lupa at malubhang pagbaha sa San Mateo at Rodriguez sa Rizal at Marikina sa Metro Manila.

Kaya naman kahit kasagsagan ng tag-ulan at baha at kahit may aberya sa transportasyon, hindi kami nawalan ng loob, "Tuloy ang TO!" Lalo rin lamang pinagtibay ng kalagayan ang kawastuhan ng ilulunsad na reyd.

Sa huling araw sa *last terminal,* nagpasya ang kumand na mag-aayos na lang ulit ng sasakyan. Nakuha na rin namin ang mga damit at sapatos at ipinamahagi ang mga ito sa mga kasama.

Agosto 12, araw ng TO. Wala nang gaanong aberya noon bago mag-TO. Umabante kami papalapit sa target ng alas dos. Tinawid namin ang bahang sapa at tumigil sa isang kubo malapit sa kalsada. Dito kami binriping ng CO namin, si Ka Aron. Dito na rin kami nagsuot ng aming mga uniporme.

Sa oras na ito, wala pa rin kaming magagamit na sasakyan papunta sa target. Kaya sa mga nalalabing saglit, humingi kami ng tulong sa masa sa lugar. Mga drayber ng trak ang aming nilapitan. Nagpakilala kaming mga NPA at ipinaliwanag ang layunin ng plano naming TO.

"Maganda nga kung ipatigil niyo 'yan! Perwisyo talaga ang dulot niyang mga *quarry*!" sabi ni Kuya Rey, drayber ng trak.

"Kailangan sana namin ng sasakyan at ng maghahatid para mas mabilis kaming makarating doon," sabi ni Ka Aron.

Walang pag-aalinlangang pumayag si Kuya Rey. Kinausap din niya ang isang drayber para sa isa pang trak na magsasakay ng iba pang mga kasama.

Nagkumand si Ka Aron ng pagsakay sa dalawang trak. Pumasok na kami sa sasakyan at ihinatid kami ng mga nakatuwang na masa sa *quarry* ng Monte Rock. Habang nagmamaneho, kinukwento naman ni Kuya Rey ang kalagayan nila sa araw-araw na trabaho nila bilang drayber ng trak.



Bumaba kami nang may distansya sa *gate* ng *quarry* at naglakad sa kalsada papunta sa *gate*, nakabihis-pulis, habang papalakas ang ulan.

Alas kwatro kami nakadikit sa mga guwardiya.

"Magandang hapon!" bati ni Ka Aron nang makadikit ang unang tim sa dalawang guwardiya sa gate.

Parang tore siyang kaharap ng guwardiya sa tangkad at laki ng katawan. "*Tactical inspection.*"

"*Sir*! Ang tindi ng lakas ng ulan eh!" gulantang na sinabi ng isa habang nagmamadaling magsuot ng uniporme niya. Kinabahan siguro't biglang may kaharap nang pulis.

"Sino ang OIC[1] niyo?" tanong ni Ka Aron sa kanila alinsunod sa *dry-run* namin. Kinukuha naman ng mga kasamang nagpapanggap na pulis ang armas at ibang gamit-militar ng mga guwardiya.

"Wala po, *sir*," sagot ng mas matandang guwardiya.

"Sino ang *deputy*?" sunod na tanong ni Ka Aron.

"Ah, kami...ano lang kami..." paputol-putol na sagot ng isa.

Pagkakuha ng kanilang armas, nagpakilala na kami.

"Hindi kami mga pulis, mga NPA kami. Nandito kami para ipatigil ang kumpanya ng *quarry* na ito," sabi ni Ka Aron.

Pinasama ang mga guwardiya sa iba pang masa na titipunin para sa pulong. Pinaabante naman ang iskwad na maghahalughog at sisira sa mga kagamitan ng kumpanya upang paralisahin ang operasyon nito.

Ipinaliwanag sa mga empleyado ng kumpanya ang ginagawang paninira ng mga *quarry* sa kalikasan at ang malaking epekto nito sa mga kabahayan sa palibot ng probinsya ng Rizal, pati na rin ang mababang sahod sa mga empleyado ng kumpanya.

"Sana nga nakita niyo yung *boss* namin eh! Makaharap niyo sana! Pinahihirapan talaga kami no'n!" sabi ng isang empleyado.

Alas sais ng gabi natapos ang reyd.

"Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan!"

"Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!" sigaw namin habang paatras.

Mahigit-kumulang 100 milyong piso ang halaga ng mga sinira ng NPA na pag-aari ng Monte Rock. Ang pinsalang ito ang nagtiyak ng pagkalugi at pagkaantala ng operasyon ng kumpanya sa *quarry*.

Tatlong araw makalipas ang reyd, nakaatras na kami sa malayo. Wala pa rin kaming naririnig na balita sa radyo hinggil doon. Ang hindi namin alam, labis na palang ipinagbunyi ng

masa noong sumunod na mga araw ang tagumpay ng reyd sa Monte Rock.

Umingay sa mga balita sa radyo, TV at lalo sa *social media* ang isinagawa naming reyd.

"Buti pa ang NPA, nakakapagpasara ng *quarry*," sabi raw ng isang *commentator* sa radyo.

Baha naman ng *comments* at posts sa Facebook:
"Yung gubyerno hindi mapasara 'yang mga *quarry*!"
"May lagay kasi 'yang mga 'yan kaya hindi ipinapasara."
"NPA pala ang kailangan para mapasara 'yan eh!"
"Buti pa ang NPA!"

Hindi lamang malaking pinsala sa *quarry* ng Monte Rock ang dinulot ng reyd. Lubos nitong nilantad ang kakuparan at kapalpakan ng reaksyunaryong gubyerno sa pagtugon sa kahilingan ng mamamayan. Ipinakitang huwad ang pangangalaga nito sa kalikasan kahit na malubha ang sinasapit ng mamamayan sa mga bagyo, habang pinapaburan at pinoprotektahan ang malalaking korporasyon sa *quarry* at minahan.

Ipinakita ang sinseridad at kakayahan ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan sa Rizal na pangalagaan at isulong ang interes ng masang pinaglilingkuran nito.

——————

*1 OIC - officer-in-charge*

# Ang Mahalagang Lakad ni Ka Libwa

ni Ka Jimboy, Kalatas 2020

**NAGHAHANDA SI KA LIBWA** para sa kanyang mahalagang lakad.

Dahan-dahang itinali sa bewang ang kanyang futol[1] at kinuha ang kanyang bay-ungan[2] at isinukbit sa kanyang kaliwang balikat habang sa kanan naman ang kanyang *air gun.* Alam na ng kanyang babay[3] at dalawang anak kung saan siya pupunta.

"Aho maglahawan punta sa mga kaufod (Maglalakad ako papunta sa mga kasama)," sabi ni Ka Libwa.

"Ala suge (Hala, sige)!" tugon ng kanyang babay at pinabaunan siya ng bundo ng kanyang dalawang anak.

Habang tinatahak ni Ka Libwa ang masukal na daan at tinatawid ang maliliit na sapa, pinag-iisipan na niya ang mga sikretong daan at atrasan na maaaring gamitin ng mga kasama. Sa lalim ng kanyang pag-iisip, hindi na niya namalayan na malapit na pala siya sa bahay na tinutuluyan ng mga kasama.

Isang masayang kumustahan kasabay ang pagdaop ng kanilang palad.

"Pahinga po muna kayo," sambit ng tim lider na si Ka Bembol.  Nagpainit ng tubig si Ka Jim upang makapagkape sila. Nagbabantay sa labas ng bahay si Ka Oriel habang nagpupulong ang mga kasama.

Pinagkwentuhan nila ang kalagayan ng mga komunidad na pinaglunsaran ng RCSPO[4] at FMO[5] ng kaaway. Ayon kay Ka Libwa, binubugbog ang mga katutubo, kinulong sa kampo nang ilang araw, pinipilit na sumuko, may mga tinortyur at maging mga sityo lider ay inaresto, ininteroga at pinahirapan. Lalong nagalit ang mga kasama sa ibinahagi ni Ka Libwa.

Kinabukasan matapos ang almusal, lumarga na ang tim kasama si Ka Libwa. Tahimik at maingat ang kanilang mga hakbang. Sumisenyas lang kung nais nilang magpahinga o uminom sa daan.

Iginiya sila ni Ka Libwa sa lihim na daan hanggang sa makarating sa kanyang bahay.

Sinalubong sila ng pamilya ni Ka Libwa. Nag-alok ang babay ni Ka Libwa ng mainit na bundo. Habang kumakain, pinag-usapan na nila ang plano sa operasyon. Nagkaisa sila na isama si Ka RD at Ka Dolinog, anak ni Ka Libwa, para makatulong. Sina Ka Libwa, Ka RD at Ka Dolinog ay mga kasapi ng Milisyang Bayan (MB).

Malalim na ang gabi nang dumating sina Ka RD at Ka Dolinog. Lumipas nang mapayapa ang gabi. Ang tanging maririnig lang ay ang mga panggabing ibon at mga kulisap na sinasabayan ng pagaspas ng hanging amihan.

Isang malamig na umaga ang dumatal. Maya-maya'y naghain na ng almusal na bundo ang babay ni Ka Libwa.

Matapos kumain, nagpulong ang tim kasama ang tatlong MB. Ang babay at mga anak ni Ka Libwa ang nagbabantay at naghahanda ng pananghalian. Si Ka RD ang isasama ng tim sa sayt habang si Ka Libwa ang maghahanda ng kanilang atrasan. Si Ka Dolinog naman ang makikiramdam sa reaksyon ng masa at kaaway.

"Ngayon lang ako hahawak ng baril," tuwang-tuwang sambit ni Ka RD.

Alas tres ng hapon, narinig nila ang ugong ng helikopter. Dali-dali nilang inobserbahan ang lipad nito. Mababa na ito. Biglang umimik si Ka RD, "Mga kasama, ang hagip kong balita ay ngayong Sabado lilipad ulit ang heli."

Napaisip ang mga kasama. Ano'ng aktibidad mayroon sa sityo?

Ika-9 ng Enero, alas syete ng umaga, naglakad ang tim. Humiwalay na si Ka Libwa sa apat niyang kasama. Mabagal, maingat ang bawat hakbang ng tim. Pasikot-sikot ang kanilang dinaanan upang maging lihim ang pagdikit sa kaaway.

Habang naglalakad, nakita nila ang bakas ng kaaway. Saglit na tumigil ang tim upang pag-aralan ang bakas. Bago pa lang ang bakas kaya doble ingat ang tim nang muli silang lumakad. Nang makarating sa sayt, siniyasat muna ito ni Ka RD.

Ilang minuto lang bumalik na si Ka RD. "*Clear* ang pwesto. Hindi pa nararating ng *recon* ng kaaway!"

"Maganda!" tugon ni Ka Bembol at pumakat na sila. May ubo si Ka Oriel kaya pinaalalahanan siya ni Ka Bembol na gawan nang paraan na hindi marinig ang kanyang ubo.

Habang nakapakat, nasuri ni Ka Bembol na hindi kita ang target na kaaway. "Humanap tayo ng bagong sayt," atas ni Ka Bembol kay Ka RD.

Pagbalik ni Ka RD lumipat na sila sa bagong pwestuhan. Pagdating sa naturang pwesto, muli silang pumakat. Nag-obserba. Nakita nilang maraming masa. Halo ang mga matanda at bata pero mas marami ang mga bata.

"Hindi natin pwedeng barilin ang kaaway sa baba, madadamay ang mga masa," wika ni Ka Bembol.

Napaisip ang tim. *Iaatras na ba ang operasyon?*

Nakarinig sila ng ugong ng helikopter. Nagtinginan sina Ka Bembol at Ka Jim. Nagbago ang plano.

"'Wag na nating isnaypin ang kaaway, bagkus ang heli na ang ating babarilin. Paglampas dito sa ating pwesto saka natin banatan." atas ni Ka Bembol.

Dumaan na ang helikopter, sinipat ito ni Ka Bembol at saka nagpakawala ng *signal fire.* PAK! Sumunod naman sina Ka Jim, Ka Oriel at Ka RD. PAK! PAK! PAK!

Maya-maya'y nagkumand na si Ka Bembol ng "Atras". Kasabay ng kanilang pag-atras ang pagtalilis ng helikopter at makalipas ng ilang minuto ay gumanti nang walang patumanggang pamamaril ang mga kaaway.

PAK! PAK! PAK! BRATTTT! BRATTT!...

Muling binagtas ng tim ang mga pasikut-sikot na daan at maliliit na sapa. Dobleng ingat ang kailangang ipatupad. Malayo pa'y tanaw ng tim si Ka Libwa na sagad sa panga ang ngiti sa paghihintay. Nakahanda na rin ang mainit na pagkain para sa pagod na pagod na mga kasama. Matapos ang kainan, masayang nagkwentuhan ang tim at si Ka Libwa. May mga dumating na rin na masa.

"Ano'ng nangyari mga kasama?" tanong ni Ka Libwa.
"Tumalilis ang helikopter," sagot ni Ka Oriel.

Malakas na tawa ang tugon ni Ka Libwa, "Ngayon lang ako nakarinig ng ganyang kuwento. Yabay (Ayos)! Kaya palang itaboy ang kinatatakutan na heli."

Malalim na ang gabi nang dumating si Ka Dolinog. Kagyat siyang nag-ulat. "Mga kasama, lumabas na ang mga kaaway, kasama ang matataas na opisyal. Kaso hindi na sila sumakay ng heli. Naglakad sila."

"Nabalitaan mo na ba ang nangyari?" tanong ng mga kasama.

"Ala (Oo)!" nakangiting sagot ni Ka Dolinog. "Sabi pala ng mga masa, salamat at hindi sila nadamay nang barilin ang helikopter."



Walang pagsidlan ang tuwa ng tim sa ibinalita ni Ka Dolinog. Nang gabing iyon muling nagpasalamat ang tim kina Ka Libwa at Ka Dolinog. "Pasabi rin sa lahat ng masa, dahol fagmana-mana (maraming salamat)."

Kinabukasan, sinalubong sila ng isang malamig na umaga at maliwanag na bukang liwayway.

"Malapit na nga pala ang anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan!" sambit nila sa kanilang mga sarili.

Muling naglakbay ang tim na hindi alintana ang pagod, uhaw at gutom bitbit ang kanilang panibagong karanasan at panibagong tagumpay!

---

*1 futol - itak*
*2 bay-ungan - bag*
*3 babay - asawang babae*
*4 RCSPO - retooled community support program operations*
*5 FMO - focused military operations*

# Tagumpay ng BTO!

NI KA HUNTER, SIBAT 2023

**MAHABANG LAKARAN SA MATATARIK** na gulod ang dinaanan. Mabigat na *backpack* ang pasan. Maulan at malamok na magdamag ang kinasanayan. Ayos lang, kung para sa bayan. Tayo nang mag-talabantay upang hindi maunahan.

Tanaw na sa kalayuan ang ilaw ng kabayanan.

Maya-maya pa't papalapit na sa kalsadang semento na pagdarausan ng labanan. Dahan-dahan. Sabay takbo nang hindi mahagip ng liwanag mula sa mga dumaraang sasakyan.

Alas onse ng gabi, Setyembre 27. Agad na nagsiyasat ang mga kasama at pagkatapos ay pumakat na sa kanya-kanyang pormasyon at paborableng posisyon. Bawat isa'y naghukay ng paksol at gumawa ng mga *sand bag* habang ang iba'y pumwesto sa mga malalaking puno upang magkober.

Pagputok ng liwanag, nananatiling mataas ang alerto ng mga kasama. Handang mapalaban anumang oras at senaryong maaaring maganap.

Alas onse y media ng umaga, Setyembre 28, paparating na ang sasakyan ng kaaway. Lulan ang limang pasistang elemento ng Regional Mobile Force Battalion-MIMAROPA na may malalaking kaso ng pang-aabuso at paglabag sa karapatang-tao ng mga Mindoreño.

Bumungad sa pormasyon ng Tres ang mga pasistang kaaway.

Sumigaw ang Platun Lider, "Pasa handa!" Sabay pinaputok ang *signal fire* na agad nagpahinto sa sasakyan ng kaaway. Kasabay ng pagbuhos ng punglo sa unang bugso at pagsabog ng mga eksplosibo ang pagkandarapa ng mga pasistang kapulisan para mabuhay.

Gumanti ng ilang putok ang mga kaaway, ngunit bigo silang patamaan kahit daplis ang hanay ng Bagong Hukbong Bayan.

Sugatan at duguan, dinig ang lagatok ng kanilang *combat boots* at ang mando ng reaksyunaryong opisyal na umatras. Nagpatapon ang iba sa mataas na bangin ng Mabajo, naghihingalo.

Umabante na ang *assault team,* tiniyak na malinis na ang paligid. Kinumpiska ang mga kagamitang militar sa iniwanang sasakyan at pagkatapos ay sinilaban ang sasakyan ng kaaway.



Sa perspektiba ng isang kabataang peti-burges na wala pang karanasan sa labanan, ito pala ang pakiramdam ng tagumpay.

Sa pagpaputok ng baril upang ipagtanggol ang mga sibilyang walang kalaban-laban sa atake ng mga berdugong sundalo, kasabay ng kampanyang ganap na durugin ang kaaway at agawin ang pampulitikang kapangyarihan. Handang magbuwis ng buhay kung kinakailangan. Walang lugar ang takot at kaba. Ang malinaw, walang ibang tanging solusyon kundi ang Demokratikong Rebolusyong Bayan.

Walang nasugatan at napaslang sa ating hanay! Tagumpay ang Batayang Taktikal na Opensiba! Ngayon aatras na ang Bagong Hukbong Bayan. Tayo'y magmamartsa patungo sa mamamayan na ating base. Kakamayan ang masang sabik na parangalan ang kanilang hukbo matapos ang labanan.

Pansamantala tayong aatras matapos ang matagumpay na taktikal na opensiba upang maghanda at magpalakas para sa susunod na pagdurog sa kaaway.

# Dagli

NI YANG NAKPIL, DAGMANG 2023

**MAALINSANGAN ANG PANAHON NOONG** tanghaling iyon. Tumatagaktak ang aking pawis. Kay sarap lumangoy sa ilog sa ganitong oras! Kaso, naglalakbay kami para sa pinaplano naming TO.

Nasanay na ako sa pagiging *vanguard* sa paglalakad—nagmamasid, alerto at matalas ang pandama, tinitiyak ang paroroonan para sa buong yunit. Handang unang mapalaban, handang makauna sa paglaban.

Regular na daan ang aming binabagtas. Sa kanan ko, tanaw ko ang ilog. Sa kaliwa, may daan na tatagpo sa binabagtas namin. Dahan-dahan akong umaabante dahil natatagalan ang kasunod ko. Sumulyap muli ako sa kanan. Natakpan na ng mga bato ang tanaw sanang ilog. Tumingin ako sa kaliwa. Biglang nakuha ng pansin ko ang mga taong papalapit.

*Chino* ang suot nila, mga naka-kawa at naka-bota. Inuusisa ko ang mga mukhang nagmimistulang mga kasama, ngunit wala akong makilala. Hinanda ko ang daliri ko sa gatilyo. Isa, dalawa, tatlo—bilang ko sa mga nagpapanggap na dire-diretsong dumadaan sa kalsada. Walang muwang sa aking presensya. Sumunod ang ikaapat na elemento nila at saka lamang ako napansin.

"Ngeeh, kalaban!" nanginginig niyang sinabi.

Daglian niyang yinapos ang malaking bato sa tabi ng daan, tarantang kumubli habang nakalitaw ang mga brasong tangan ang



kanyang baril. Naglingunan ang tatlong naunang elemento sa kanya.

PANG! PANG! PANG!

Nagtakbuhan sila sa magkabilang direksyon nang mamutok ako.

"Kaaway!" pasa ko sa mga kasama sa likod. Tssss... BOOM!

Mabilis na nakatugon ang mga kasama para labanan ang kaaway.

Kinse minutos bago sumagot ng putok ang kaaway. Nakalayo na kami sa panahon iyon, mabilis pero maingat na nagmamaniobra sa palayan ng kalapit na masa, ligtas at walang ni anumang pinsala.

Hingal na hingal kami mula sa engkwentro, pero sa wakas, nakarating din kami sa mayor na gulod. Umupo kami upang magpahinga.

Pinakatitingnan ko ang katapat naming pastuhan. Tila may gumagalaw sa kugunan. Makalipas ang ilang saglit, naglitawan ang mga ulong pangit! Nagtipon sila kadikit ng isang malaking puno, wari'y sinasaayos ang kanilang *briefing*.

Pinarating ko sa aming iskwad lider ang nakita ko. 'Di namin pinalagpas ang pagkakataon—pagkatapos ng ilang palitan at sa kumand ng aming iskwad lider, walang pag-aatubili kaming pumusisyon sa gulod.

RATATATAT!

Nagulantang ang kaaway nang paulanan namin sila ng bala. Nagsitakbuhan sila, nagkalat! Hindi na sila makaganti ng putok. Sa sobrang pagkakataranta pa'y parang mga bolang naggulungan ang kaaway pababa ng burol at patungo sa sapa!

"Atras na!" kumand ng aming iskwad lider.

Sunod-sunod nang bumaba ang mga kasama ko mula sa aming kinatatayuan. 'Di ko na napigilang humalakhak nang sumulyap ako sa huling sandali at nakita ang kaguluhan ng reaksyunaryong sandatahang pwersa.

Sa pagsagpang namin sa gintong pagkakataong iyon, matagumpay naming nasindak ang pasistang 80th IB na mahigit isang taon nang naninibasib sa Rizal. Nagtamo ang mga ito ng kaswalti, habang ligtas na nakaatras ang aming yunit.

Sadyang ang tapang ng kaaway ay kaya lang nitong ipakita sa mamamayang walang kalaban-laban, ngunit tigreng papel itong tumitiklop sa harap ng Bagong Hukbong Bayan.

*Aksyong militar sa Brgy. Puray, Rodriguez, Rizal noong Agosto 2020 sa kwento nina Ka Akon at Ka Romnick "Ka Fighter" Gardose.*

# AMBUS

NI V. SANGGANGBAYAN, UNANG INILATHALA SA BTO



**PARANG SANTONG PIPINTURAHAN ANG** paligid. Walang kagalaw-galaw. Pero panaka-nakang pumapagaspas ang mga kayakas ng niyog sa itaas tuwing hihipan ng hanging dala-dala ni Goring. Ang ikapitong bagyo sa taong ito.

Tuwing hihihip ang hangin saka ko isinasabay ang maingat at marahang paghawi sa tuyong layak. Iniipon sa magkabilang tabi para makalikha ng sapat na puwang sa lupa na puwedeng upuan at dapaan.

Tuwing hihihip ang hangin saka ko isinasabay ang pigil na tighim. Pesteng ahem. Epekto na ito ng ilang linggong pagpi-*physical base.*

Lilingunin ko ang kanan at kaliwa. Titingnan kung gising si Ka Wong at si Ka Ching. Kapag nakikita kong nalalaglag ang talukap ng mata ni Ka Ching ay bahagya kong babatuhin ng lupa o kaya'y sisipain ang *backpack* na nakapagitan sa amin.

Hindi puwedeng maidlip. Hindi puwedeng mawaglit ni saglit ang maaring pagdaan ng pinakahihintay-hintay naming kaaway.

Noong gabing iyon kinausap ko ang langit. Pero madamot ito sa anumang palatandaan. Palibhasa'y may kasunod na unos si Goring, nalalambungan ng maitim na ulap ni Hanna ang mga bituin at buwan. Dahil pinagkakaitan ako ng kalawakan ng langit, kaagad akong napaawit sa isip —

*Ulap, humabi ka riyan*
*Huwag mong takpan ang buwan*
*Huwag mong sayangin ang kagandahan ng gabi*
*Ang sinag ng buwan, huwag mong ikubli*

Naidlip din ako. Hindi ko alam kung tuloy-tuloy o putol-putol. Walang panaginip sa kahabaan o pagitan ng aking tulog. Kailangang magbangon.

Payapa ang palapa ng niyog nang tingalain ko ito habang iniraraos ang ragasa ng kuryente ng parang puputok na pantog.

Hinaklit ko pataas ang *zipper* ng pantalon habang marahang humakbang pabalik sa pwesto. Wala pala akong kober. Hindi ko ito napansin kahapon dahil silim na nang dumating kami sa *ambush site.*

Naalala ko ang bilin ni Ka Belt, ang *overall* kumander, angkupan ang pusisyon. Paganahin ang inisyatiba, pleksibilidad at disiplina.

Parang sirang plaka ito sa utak ko — disiplina, inisyatiba, pleksibilidad. Inisyatiba, disiplina, pleksibilidad. Disiplina, pleksibilidad, inisyatiba. Hanggang parang umaawit na ito at itinuturo ang bawat tono at numero ng wastong galaw. Sumasabay, humahalo ang katawan sa kalikasan. Hinahalihaw nito ang nag-aalimpuyong kalma sa dibdib. Lubhang nagpaliwanag sa sikat ng araw nang umagang iyon.

Sinisipat ko ang harapan. Tinatantya ko kung makikita ko ang daraan. Ang problema ay wala nga akong kober. Wala nang oras para maghukay ng *foxhole*. Hindi na rin paborableng lumipat dahil maaapektuhan ang buong pakat ng pormasyon namin.

Hinigpitan ko ang mga istrap ng amopots. Inalog-alog ang katawan para maramdaman kung pirmido na ang lapat nito. Wala dapat anumang makasagabal sa paggalaw.

Isinakbit ko ang riple. Tiningnan ang dulo ng *armalite* at tubo ng *grenade launcher.* Itinuon ko ang kaliwang palad sa lupa at dahan-dahang iniunat ang katawan, hita at binti papuntang likuran. Ikinalang ko ang siko habang hawak ang baril at dahan-dahang dumapa. Nakatitig sa akin ang lupa.

*****

"Pinagbawalan ako na putulin ang niyog na ako ang nagtanim. Iligal raw yun."

Sabi niya sa PCA at pulis na aaresto sa kanya, "Yano naman Ser ay, dalawang puno laang ho iyan. Pamakuan ng dingding at bubong ng ibinabangon kong bahay."

Ganiyan ang laging kuwento ni Ka Mon kaninumang magtanong kung bakit siya nag-NPA. Buhat raw nang insidenteng iyon hindi na naaalis sa isip niya ang pangarap na bahay na hindi napatayo. Lagi siyang nakatingala sa balaybay ng niyog na hindi naman niya makawit dahil sa isinampang kaso sa kanya. Pero hindi raw siya nawalan ng pag-asa lalo na nang maisip niyang magsusumbong siya sa NPA.

Kung ilang panahon niyang inabangan ang pagdaan ng Bagong Hukbong Bayan sa lugar nila. Laging kinukumusta ang kumpareng alam niyang may ugnay sa NPA.

Nang sumapit ang pinakahihintay na pagkakataon, walang lingon-likod, sampay ang maliit na bag sa likod dumiretso sya sa yunit ng Hukbong Bayan na nakahimpil malapit sa kanila.

"Anong nakikita mong solusyon, Ka Mon? Ipapatawag ba natin ang meari ng lupa para magharap kayo? Gusto mo bang ipaatras ang demanda?" sunod-sunod na tanong ng kasamang nag-interbyu sa kanya.

"Aba'y huwag na Kasama. Pagkakalaking abala pa nun. Sasama na ako sa inyo," deklarasyon ni Ka Mon.

Ilang araw na lamang at tatlong taon na ang nakakaraan mula nang sumapi siya sa NPA. Hindi na mabilang na bahay ng kapwa magsasaka ni Ka Mon ang nalahukan nya ang pagdidingding at pagbububong. Hindi na iilang libong niyog ang nakawit at natapasan ni Ka Mon bilang NPA na natoka sa gawaing pagbibigay-serbisyo ng pagtulong sa gawain ng magbubukid.

Sa unang pagkakataon, lalahok siya sa isang taktikal na opensiba. Nang tanungin si Ka Mon sa pulong pangkalahatan para

kuhanin ang komitment ng mga sasama sa TO, ang sagot niya, "Sa haba na ng sakripisyo natin, hindi pupwedeng hindi ako kasama."

*****

Bago ang inaasahang unang putok ng riple at pagsabog ng CDX, kaagad tumugtog sa isip ko ang ngilngil ng gitara at kalabog ng tambol ng Calm Like A Bomb. Parang matagal nang nakaabang ang awitin sa ganitong pagkakataon para magsilbing soundtrack sa pinakaaasam na taktikal na opensiba.

*****

Matapos ang halos magkasabay na putok ng riple at pagsabog ng bomba, gumalaw sa parang iisang kumpas ang lahat ng nilalang at bagay sa kanina'y walang kaimik-imik na paligid.

Nauna ang paghiwa ng mga aserong punglo sa hangin. Sinundan ng nakadipang paghawi ng *shockwave* at pagtulak sa mga shrapnel sa babagong umiinit na sinag ng araw sa kalsada, patawid sa danawan hanggang sa sapa.

Nagsunuran ang iba pang bahagi ng *ambush site.* Lumulusot, tumatagos at nakikiraan ang mga bala sa pagitan ng mga dahon ng tagbak at hagonoy. Humahaginit sa tabi ng puno ng ipil-ipil at batino. Binubutas ang malalapad na dahon ng taba-tabakuhan.

Hindi man lamang nakahikbi ang tangisang-bayawak sa kanyang nasaksihan. Mapait ang sinapit ng kaaway na napanood ng mangga at santol.

Sinasaliwan ito ng panaka-nakang pagsabog, malalaki at maliliit, bumubulabog sa alikabok ng lupa at gumigiba sa dibdib ng palalong sundalo.

Naglalagitikan ang basyo ng bala pagdadampi nito sa tabi ng mga paang hindi nainip sa paglalakad at paghihintay sa pagdaan ng tatambangang kaaway. Kasabay ng pag-open bolt ng mga riple at pagpapalit ng magazine, umalingawngaw ang pinakamatam-is na hiyaw na maririnig sa umagang iyon — **A s o l t !**

*****

"Wala na akong granada!" Sigaw ni Ka Ashley.

Nag-ulat sa VHF radio si Ka Tisoy, ang kumander ng Platun Abe, na padalahan sila ng granada. Nang hindi dumating ang inaantay na granada dumampot ng bato si Ka Ashley, inihagis sa kaaway. Parang *fountain* ang pagtalsik ng tubig sa bahagi ng palayan na binagsakan ng bato. Nagpapitlag ito sa kaaway na nagulat kaya bumenta ang katawan para targetin ng mga kasama. Sapul!

Ilang beses pa itong ginawa ni Ka Ashley.

*****

Naagaw na ng mga pulang hukbo ng magsasaka ang kahabaan ng kalsada. Tiyak at mapagpasya ang kanilang bawat galaw. Ang mga nag-atubili at nagdalawang-isip sa pagsalakay ay mabilis na inakay ng katapangan ng kanilang kasamahan. Maya-maya pa ay iisang malakas na pwersa na ang mga nagsanib na pormasyon ng Bagong Hukbong Bayan na nagmamaniobra para tuluyang i*pin-down* ang kaaway.

*****

Bago natapos ang unang araw na iyon ng Setyembre, tampok sa mga pangunahing balita sa buong bansa ang ginawang ambus ng NPA sa mga sundalo at paramilitar ng 85th Infantry Battalion ng Philippine Army.

Halos nalipol ang siyam-kataong kaaway kung saan lima ang namatay at tatlo ang sugatan. Nakasamsam ng limang ripleng M-16 ang Hukbong Bayan bukod pa sa mga bala.

Noong araw na iyon, hinainan ni Ka Bon ng pritong isda ang mga kasamang napadaan sa kanyang bahay habang umaatras mula sa ambus.

Wala siyang masyadong imik habang inaalok ng pagkain ang mga NPA. Pero halata sa kanyang mukha ang labis na kasiyahan.

Minsang sinabi ni Ka Bon sa kapwa nya magkokopra, "Nasa sonang gerilya tayo, kailangan nating makipagkaisa sa patakaran ng NPA.  Kung makikipagtulungan tayo sa kanila, lalong mabuti."

Hindi man sabihin, alam niyang para sa masang magsasaka ang matagumpay na ambus.  Ang aliwalas sa itsura ni Ka Bon ay katumbas ng pagkilala at pagdakila niya sa ginawang pamamarusa ng BHB sa mga panginoong maylupa at diyus-diyosang sundalo at CAFGU.

Walang sinasanto ang NPA lalo na kapag kaaway ng mamamayan.

*1 Setyembre 2023*
*Brgy. Mapulot, Tagkawayan, Quezon*

*Talasalitaan:*

*Ulap - ikalawang kanta sa album na Lakambini (1992) ng Cocojam (Rolly Maligad)*

*PCA - Philippine Coconut Authority*

*CDX - command detonated explosive*

*Calm Like A Bomb - ikatlong kanta sa album na The Battle of Los Angeles (1999) ng Rage Against The Machine (Tim Commerford, Zack de la Rocha, Tom Morello, Brad Wilk)*

# PASASALAMAT

**NAGPAPASALAMAT ANG PULANG BANDILA (PB) - MGC-BHB TK** sa mga rebolusyonaryong magasin pampanitikan at pahayagan na Ulos, DAGITAB, Kalatas, SIBAT, Diklap Literary Journal at Dagmang na pinagkuhanan ng mga kwento, reportahe at interbyu na tinipon sa BTO.

Ispesyal na pagkilala ang iginagawad ng PB kina Ka Libre, Parts Bagani at Maya Mor na lumikha sa mayorya ng dibuhong ginamit dito.

Inihahandog ng Pulang Bandila-MGC-BHB TK ang Bungkos ng mga Kwento ng mga Taktikal na Opensiba (BTO) sa Timog Katagalugan. Tinipon at muling ipinamamahagi ang mga ito upang basahin ng mga kasama at ipalaganap sa hanay ng malawak na masa. Layon nitong higit na makapagbigay inspirasyon sa mga Pulang kumander at mandirigma na iputok ang mga taktikal na opensiba na bibigwas sa mga sagadsaring pusakal, mamamatay-tao at berdugong AFP-PNP.

Buuin ang solidong armadong lakas na dudurog sa reaksyunaryong estado hanggang sa ganap na tagumpay!

